

Unleash The Highest Potential of Your Money Book 1
Kontento ka na ba sa kaPERAhan mo?
How to Unleash the Highest Potential of Your MONEY towards Success, Happiness and Significance
CERTIFIED BESTSELLER more than 50,000 COPIES SOLD
Foreword by Tony & Grace Tan Caktiong
From the Bestselling Authors of "Kasusweldo pa lang, UBOS na?" and "Unleash Your Highest Potential"
Vic & Avelynn Garcia

# Kontento ka na ba sa ka PERA han mo?

## How to Unleash the Highest Potential of Your Money towards Success, Happiness and Significance

**Vic & Avelyn Garcia**

*All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the* Holy Bible: New International Version®. *NIV ®. Copyright © 1973, 1978, 1984 by the International Bible Society. Used with permission from Zondervan. All rights reserved.*

Unleash The Highest Potential of Your Money Book Series (Book 1)

Kontento Ka Na Ba Sa Kaperahan Mo? How to Unleash the Highest

Potential of Your Money towards Success,
Happiness and Significance

*Copyright © 2012 by* Unleash International Corporation

*Cover designed by* Unleash International Corporation *Page designed by*

Unleash International Corporation

*Published 2012 in the Philippines by Unleash International Corporation*

*3108 Jollibee Plaza, F. Ortigas, Jr. Road*

*Ortigas Center, Pasig City, Metro Manila*

*www.unleashinternational.com*

*ISBN 978-971-95546-1-5*

*Printed in the Philippines*

# This book is dedicated to

**Our Almighty God**

For all He has done and continues to do in our lives.

**Our beloved country, the Philippines**

We believe that we are closer to becoming the great nation God destined us to be.

This book is our labor of love for this generation and the generations to come.

**Our partners in unleashing the highest potential in people**

Our family, friends, mentors, employees—past, present and future, Unleash clients and participants, readers of this book and suppliers.

**Our precious children**

Gabrielle Joseph

David Joshua

Jeremy Jonathan

Isaiah John

We are grateful to have been entrusted by God with the privilege of loving and molding you as well as unleashing your highest potential.

You are priceless treasures from the Lord.

**And those who continually unleash their highest potential**



**"As for me and my household, we will serve the LORD."**

# Acknowledgments

We are forever grateful to our Almighty God for entrusting us with the precious mission of unleashing the highest potential in people. Thank You for sustaining us with Your grace.

We are thankful to the countless men and women who directly and indirectly helped shape us. To the many great teachers, speakers and authors who continually unleash us, this book is also your legacy.

Thank you to all our Unleash clients and seminar participants, for trusting and believing in us. We are encouraged by your testimonies of how the Unleash programs have made a difference in your lives.

Special thanks to Tony and Grace Tan Caktiong and everyone at Jollibee Foods Corporation for your invaluable support and partnership with us for more than twenty years now.

We are ever mindful of the support of our partners, CBN Asia and Operation Blessing. We appreciate your love and prayers for us towards accomplishing our mission.

We are immensely grateful to our life coaches, Butch Conde, Noel Tan and Peter Kairuz, for the love, prayers, support and spiritual wisdom you have poured into our lives.

To May Sulbiano, our designer, publishing logistics officer and editor who co-labored with us, thank you so much for your love, patience and hard work in publishing this book.

To Lileth Reyes, for patiently overseeing negotiations, thank you for diligently proofreading the book together with MJ Julao. We appreciate all your efforts and time spent beyond the call of duty. We are truly inspired by your dedication to the mission.

To Melisse Cordero and Alexander Ragsac, our gifted illustrators, who patiently and excellently illustrated the messages in the book. Thank you so much for making this book truly educational and entertaining.

Special thanks to our sons: Gabrielle Joseph, for your excellent technical support, David Joshua, our family's 'editor-in-chief,' for your tireless editing of the first draftof the manuscript, Jeremy Jonathan, for your fantastic assistance in graphic editing and Isaiah John, for your awesome smile giving us so much joy

graphic editing and Isaiah John, for your awesome smile giving us so much joy while writing this book.

Thank you to Gina Martinote, for your love and support.

Heartfelt thanks to our special editors, Malou Ibañez, Phoebe Coloma, Edwin Arceo, Lawrence San Diego and Cora Austria. Thank you also, Edwin, for your encouragement to share excerpts from our books in the CBN Asia website's weekly inspirational columns on lifestyle and finances.

Special thanks to Paul Aragones, Yna Reyes and Grace Lara for the wisdom, direction and guidance in publishing this book.

We are grateful to Cora Austria and Jeanne Camacho, who believed in us and paved the way for the publication of our articles in the Philippine Daily Inquirer. We are also thankful to Henry Santos, Agie Delos Santos and Cora Gonzales, who patiently oversaw all our printing requirements.

Special thanks to the BSF leaders and members, headed by Melody Lim for the inspiration, encouragement and prayers.

We dearly appreciate and thank our dearest friends, Tet Jotie, Annie Masancay, Iyoh Villamayor, Tet Ansaldo and Pinas Cruz, for believing in us and for your love, support and prayers.

To our Unleash Family — past, present and future — we are deeply grateful to you for sharing the vision and for your invaluable contribution to the mission of unleashing and touching people's lives.

To the family members of our Unleash employees, thank you for your support to the mission.

To our family and friends, thank you for all the love you invested that made us who we are.

# Foreword

Kontento ka na ba sa kaPERAhan mo? by Vic and Avelynn Garcia tackles the subject of financial management in a powerful, refreshing, practical and engaging manner.

In this book, your time is not wasted in boring discussions. Rather, against a backdrop of humor, it will entertain you while educating you with sound financial principles. It will challenge you to break away from self-defeating habits and usher you towards financial freedom, stability and abundance.

Reading the book approximates the experience of attending the couple's financial management seminar. We commend Vic and Avelynn for making this sought-after seminar available in book form. Inspired by their personal experience, the couple desires to see Filipinos live financially successful, happy and significant lives.

Our people have benefited from the practical principles shared by Vic and Avelynn in their Unleash the Highest Potential of Your Money- Financial Management seminars. We are confident that all who put the principles and methods shared in this book to heart will benefit from them in ways they never thought possible.

This is a must-read for all who need training in personal financial management. No matter where you are in life, it is never too early or too late to unleash the highest potential of your money towards success, happiness and significance!

**Tony Tan Caktiong**

*Chairman & President, Jollibee Foods Corporation*

*Ernst and Young World Entrepreneur of the Year, 2004*

**Grace Tan Caktiong**

*President, Jollibee Foundation*



# Table of Contents

**Acknowledgments**

**Foreword Introduction**

- Reasons Why We Have Money Problems
- Reasons Why We Need to Manage Our Money
- Two Kinds of Old Age
- Life Cycle of Man
- Power of Systematic Investment for Employees
- Power of Systematic Investment for Children

**Unleash Money Management**

Four Kinds of Money Managers

Steps to Unleash the Highest Potential of Your Money

1. You must know where your money is coming from
2. You must know where your money is going
3. You must believe that you can be financially successful
4. You must set financial goals
5. You must plan to achieve your goals by having a budget
   - What is a Budget
   - Principles in Budgeting
   - Steps in Budgeting
6. Use your money wisely
7. You must monitor your income and expenses
8. You must evaluate your income and expenses
9. You must be committed to your plan daily
   - The Vic Garcia Self-Control Technique
10. You must seek first the kingdom of God and His righteousness
    and=all of these things will be added unto you

Panalangin ng isang Unleasher

Commitment of an Unleasher

# Introduction




## *Think about this…*

***Kontento ka na ba sa buhay mo?***

***Kasu-sweldo mo pa lang, ubos na?***

***Ang tagal mo na sa trabaho, wala ka pa ring asenso?***

***Mahina na ang benta, mahina pa ang productivity, humihingi pa ng dagdag na sweldo ang mga tao mo?***

***May pag-asa pa ba tayo?***

Nangyayari ba sa inyo ‘yan? During one of our seminars, we asked our participants ***“Kasu-sweldo pa lang, ubos na?”***

Nangyayari ba sa inyo ‘yan? And most of our participants raised their hands.



But one person commented, “Ibahin n’yo ako. Kasi hindi nangyayari sa akin ‘yan.” Eh, ano ba ang nangyayari sa iyo? Ito ang nangyayari sa akin, ***“Hindi pa sumu-sweldo, ubos na”*** Nangyayari rin ba sa inyo ‘yan?



Ang sabi naman ng iba, ***"Hindi ko problema ang sweldo kasi may credit card naman ako. Ang problema lang, maxed out ang credit card ko."*** Ano ang ibig sabihin nu'n? Hindi na pwedeng gamitin. Bakit? Kasi nadecline na. May kilala ka bang ganyan? Ito ang problema ng karamihan ngayon. May credit card nga, kaya lang hindi na magamit kasi maxed out na, sagad na.

Ang iba naman, ito ang problema, ***"ATM on Pawn."*** Alam mo ba ang ibig sabihin n'yan? Ipapaliwanag ko kung paano nangyayari ito. For example: kailangan ko ng pera, at lalapit ako ngayon sa kaibigan ko para mangutang. Good thing, pinautang naman ako. Pero ang problema, 3 months na hindi ko pa rin nababayaran ang utang ko. Pautangin pa kaya ako ulit ng kaibigan ko? Malabo na, unless mayroon akong ibibigay na collateral, para hindi man ako makabayad ay may mababawi ang pinagkakautangan ko. Kaya nauso ang "ATM on Pawn."

Sa "ATM on Pawn", 'pag nangutang ako, iyong ATM card ang collateral. Ibig sabihin, kapag ako ay umutang ng P5,000, P4,500 na lang ang ibibigay sa akin, 'Yung P500 bayad sa interest. Tapos ibibigay ko yung ATM card ko pati PIN para pagdating ng sweldo, 'yung pinagkakautangan ko ang unang magwi-withdraw sa account ko. Tapos, saka lang ibabalik sa akin ang ATM card ko. Ginagawa ito upang siguradong makakapagbayad ako ng utang ko.

Pero alam mo bang masaya pa 'yan, kasi may mas malungkot pa riyan. Eto, ***"Passport on Pawn."*** Pero h'wag tatakbo sa pawnshop kasi hindi taJ tanggapin ang passport ninyo at hindi dito nangyayari 'yan, 'kundi sa abroad. Hindi lang po dito sa Pilipinas kami nag-ko-conduct ng seminars. We are also conducting seminars in Asia and in America. Alam mo bang maraming nasa abroad ang nagpapadala ng pera rito sa Pilipinas kahit hindi pa nila kinikita ' yung perang ipinapadala nila? Inuutang lang nila. At para makautang, isinasangla nila ang kanilang passport.



Hulaan mo kung kanino nila isinasangla ang kanilang passport? Ang sabi ng iba, “Siguro sa kanilang amo, sa kanilang employer.” Hindi! Nakasangla ang kanilang mga passports sa kapwa nila Pilipino. For example: “Kabayan! Kabayan!” ‘Di ba ganyan tayo sa abroad. One day, kapag nangailangan ako ng pera, kanino ako lalapit? ‘Di ba kay Kabayan? Eh hindi pa naman kami gaanong magkakilala. Paano n’ya ko pauutangin, except may collateral. At ang collateral ay passport. Kaya pag-isipan mong mabuti. Hindi lahat ng nasa abroad ay maganda ang buhay. Alam mo bang may mga nag-abroad at pag-uwi nila dito ay mahirap ulit sila? Kasi marami sa kanila ay hindi nahawakan nang mabuti ang kanilang kaperahan.

Pero ito… mas malaki ang problema nito. ***Kapag payday naka-leave kasi maraming naniningil.*** Nangyayari ba sa iyo ‘yan? Hinahabol ka ng maniningil. Ito ang pinakamasakit. Yung lifetime savings nila, na-scam. Ano ang scam? Na-Balajay, na-Mateo, na-Tibayan, na-Multitel, na-pyramid scam. May kilala ka bang nabiktima ng pyramid scam? Eh, ikaw, nabiktima ka ba ng pyramid scam? Yung iba naman kasi hindi umaamin, kasi nakakahiya raw. Pero alam mo, marami na ang nabiktima ng pyramid scam. Hindi lang po libo-libong piso ang pinag-uusapan natin dito, kung hindi milyun-milyong piso.



***Tanong:***
***Halos lahat ng tao ay gustong yumaman. Bakit hindi lahat ng tao ay mayaman?***

Sige nga mag-isip ka… Bakit hindi lahat ng tao ay mayaman? Ano ang dahilan? Sabi ng isa "Kasi ipinanganak na silang mahirap…" Agree or disagree? Eh, paano si Manny Villar na ipinanganak na mahirap pero yumaman? Paano ' yun? So, ang ibig sabihin, hindi dahil ipinanganak kang mahirap ay lalaki ka o mamamatay kang mahirap.



***Tanong:***
***Bakit maraming mga empleyado, nagtatrabaho na lang para magbayad ng utang?***

Bakit nga ba maraming tao ngayon ang nagtatrabaho na lang para magbayad ng utang? May isa akong participant, ang sabi, "Sir, simple lang naman ang sagot sa tanong mo." - ***" Malamang kulang o maliit ang kinikita kaya nabaon sa utang. "*** Agree or disagree? Kung totoo 'yan…



***Tanong:***
***Bakit may ibang tao, mataas naman ang sweldo pero kulang pa rin? Bakit? Bakit? Bakit?***

Natatandaan mo pa ba noong una kang nagtrabaho? 'Di ba wala ka namang utang? Noong minimum wage pa lang ang kinikita mo, wala ka namang utang, 'di ba? Pero ngayon, mas mataas na ang sweldo mo, mataas na rin ang utang mo. Ang labo, ano? Ano nga ba ang dahilan kung bakit marami tayong problema sa ating kaperahan? Bibigyan kita ng mga dahilan.

# Reasons Why We Have Money Problems




## 1. Lack of knowledge



Ang paniniwala namin, ang pinakamalaking dahilan ay ang kakulangan natin ng kaalaman sa tamang paghawak ng pera. Marami sa ating naniniwala sa ***"Que sera, sera, whatever will be will be, the future's not ours to see, que sera, sera."*** Hindi natin pinagtutuunan ng pansin ang pag-aaral sa tamang paghawak ng pera. Kailangan nating maunawaan na ***"Knowledge is Power."*** Sabi nga ni Ernie Baron, "Pag walang Knowledge, walang Power". At ang pagbabasa mo ng librong ito ay unang hakbang tungo sa mas magandang kinabukasan. The good news is… sa buong librong ito tuturuan ka namin ng wastong paraan ng paghawak ng pera.

## 2. Lack of action



Eh, bakit may mga taong may knowledge naman, pero walang power? Paano nangyari 'yon? Eto ang example. May kilala ka bang taong naninigarilyo? Ano ang nakasulat sa kaha ng sigarilyo? ***"Government Warning: Smoking is dangerous to your health."*** Ano'ng tawag doon? Knowledge. Eh bakit yung taong may hawak ng kaha ng sigarilyo ay patuloy pa rin sa paninigarilyo? ***Kasi***

***walang power.*** Hindi niya kayang gawin yung tama. Sa totoo lang, may mga taong maraming alam sa tamang paghawak ng pera, pero mahirap pa rin. Bakit? Kasi hindi ina-apply, hindi ginagawa ang kanilang mga nalalaman.

Marami sa atin, alam naman natin kung ano ang dapat gawin, hindi lang natin ginagawa. Huwag kang magaalala dahil tuturuan ka namin kung paano i-implement 'yung mga bagay na dapat nating ginagawa. Dahil ang paniniwala namin ay… ***"The power is unleashed once the knowledge is applied."*** 'Pag ina-apply natin ang mga alam natin sa buhay, diyan lang po magkakaroon ng power ang ating kaalaman. Dalawa na ang alam nating dahilan.

# 3. Lack of discipline or lack of consistency



Now… may alam ka nga at ginagawa mo naman, yayaman ka na ba? Hindi pa. May isa pa. For example, nagse-save ka ng P2,000 a month. Maganda 'yon, pampayaman. After 12 months, magkano na ang savings mo? P24,000. Napadaan ka sa midnight madness sale, bumili ka ng LED TV gamit ang iyong savings at pagkatapos umuwi ka na. May pera ka pa ba? Wala na. Eto ang problema… Alam mong dapat mag-save, ginawa mo naman, nag-save ka. Ang problema, hindi ka consistent.

Ano ang dapat gawin para yumaman? Tatlong bagay ang dapat gawin: ***(AGA) Alamin, Gawin, at Gawin Araw-araw*** . Kapag ginawa mo ang tatlong bagay na ito - pangako yayaman ka; pangako, hindi ka matatakot sa kinabukasan. Sa buong librong ito, aalamin natin kung paano, kung anuano ang mga dapat nating gawin araw-araw para maayos ang ating kaperahan.

# Reasons Why We Need to Manage Our Money





## 1. We need money to live



Kailangan natin ng pera para mabuhay. Tandaan mo, napakamahal mabuhay ngayon. Gaano kamahal? Mahal ang pagkain, mahal ang pabahay, mahal ang damit. Kung nagre-renta ka, mahal din. Kung bibili ka ng condominium unit sa Makati or Ortigas area, napakamahal! Iyong 30-40 square meters, dalawa hanggang apat na milyon na. Wala pang laman 'yun. Wala pa ang gastos sa kuryente, tubig, garahe at kung anu-ano pa. Ang garahe sa Makati at Ortigas, kulang ang kalahating milyon! Garahe pa lang 'yan. Hindi ka na makabibili ng kotse kasi naibili mo na ng garahe. Hindi kami nagbibiro.

Mahal ang mabuhay ngayon. Kaya kailangan ng pera para mabuhay. ***Hindi namin sinasabi na pera lang ang kailangan sa buhay. Pero importante ang pera sa buhay.*** Kaya kailangan nating mag-aral nang mabuti patungkol sa pera.

# 2. We need money to grow



Kung gusto nating lumago sa buhay, kailangan natin ng pera. Example ng paglago - bakit ba natin pinapag-aral ang ating mga anak? Para magkaroon sila ng magandang kinabukasan. Kaya nga tayo gumagastos ng napakalaki sa pag-aaral ng ating mga anak. Hindi lang libolibong piso, kundi milyun-milyong piso just for them to grow. At pagkatapos nilang mag-aral, sila ay magtatrabaho. Pagkatapos magtrabaho, ano ang gagawin? Mag-a-asawa! Pagkatapos mag-asawa, ano? Magkakaroon ng anak. And to most of us, somewhere, somehow, ang iba sa atin ay nangangarap magkaroon ng sariling negosyo.

Sino'ng tao ang ayaw magkaroon ng sariling negosyo? Ikaw, ano'ng negosyo ang balak mo? Ang sabi ng isang participant namin, "Sir, balak kong magtayo ng pedicab business." Magkano ang puhunan na kailangan mo para sa negosyong ito?

Sabi ng isa, "Mas malaki riyan ang pangarap ko. Gusto kong magkaroon ng sari-sari store." Para magkaroon ka ng sari-sari store, magkanong puhunan ang kakailanganin mo? Ten thousand, fifty thousand, one hundred thousand, depende sa laman ng tindahan. Pero sabi ng isa, "Ang liliit naman ng mga pangarap ninyo. Kasi ang pangarap ko, magkaroon ng Jollibee franchise." Magkano ang kailangan para magkaroon ka ng Jollibee franchise? Isang milyon? Limang milyon? "Ay naku hindi!" Maraming milyong piso!

# 3. We need money to help others



Isang matinding dahilan kung bakit tayo nagta-trabaho ay hindi lang para sa ating pamilya. To some, tinutulungan pa si nanay, si tatay, si bunso, si pinsan,kapitbaha y, at iba pa!

Ano ang pakiramdam mo kapag nanonood ka ng mga TV programs tulad ng " Bantay Bata" o "Kapuso" at nakakita ka ng batang malaki ang ulo na kailangang operahan? Iyong mga taong malalaki ang tiyan na kailangang operahan? Mga may sakit pero walang pampagamot? Kumakatok sila sa iyong puso at nagmamakaawa. Ano ang nararamdaman mo? Naaawa ka! Pagkatapos mong maawa, maaawa ka ulit. At pagkatapos mong maawa ulit, ano ang sasabihin mo? ***"Sana may pera ako, kaya lang wala akong pera."*** Kaya,patayin na ang TV na 'yan.

Ito ang sasabihin namin sa iyo, maraming tao ang nangangailangan.Marami sa atin ang gustong tumulong kaya lang parati nating iniisip, wala akong pera. Totoo ba 'yun? ***Eh, 'yung pulubi nga may pera, ikaw pa. Siguro ang sasabihin mo, "May pera nga ako, pero kulang."***

So assuming, katatanggap mo lang ng sweldo mo o bonus mo, tapos nanood ka na naman ng TV at may humihingi na naman ng tulong. Hindi mo pwedeng sabihing wala kang pera, kasi may pera ka nga. Ngayon, ano ang gagawin mo? Sabi ng isang participant namin, maaawa pa rin ako at sasabihin ko, ***"Sana, mas marami pa akong pera."*** Hay naku, wala pa rin.

Alam mo, isa sa mga dahilan kung bakit hindi tayo pinagpapala ng Diyos, hindi tayo marunong magbigay. Tandaan mo, ***"It is more blessed to give than to receive."*** Kaya madalas tayong kulang o kinakapos. Kasi may mga taong mas nangangailangan sa atin, hindi tayo nagbibigay. Example: Iyong mga taong nangangailangan sa TV, minsan ang hinihingi lang naman nila ay lumang damit. Minsan ang kailangan lang naman nila ay limang daang piso, isang libong piso,kaya mo bang magbigay 'nun? Alam mo ba kung magkano ang P500? Parang P15 isang araw. Huwag ka munang mag-softdrinks, makapagbibigay ka na. At hindi ka mamamatay kapag hindi ka nag-softdrinks.

Mayroon kaming isang NGO na tinutulungan ngayon. Ang World Vision. Ito ay isang NGO na nagpapa-aral ng maraming estudyante. Alam mo ba kung magkano ang kailangan nila para magpa-aral ng isang bata? P600 lang a month, may scholar ka na! That's equivalent to P20 a day! Alam mo bang maraming bata ang gustong mag-aral pero hindi makapag-aral? Kaya anong nangyayari? Palaboy sa kalye. At kapag palaboy sa kalye, hindi alam kung ano ang gagawin sa buhay… hanggang sa maisipan nang magnakaw.

Alam mo ba kung bakit maraming magnanakaw sa Pilipinas? Kasi maraming taong may P20 araw-araw, na pwede namang ibigay para makapag-aral ang isang bata, pero hindi ibinibigay. Kung ang lahat ng nagtatrabaho sa Pilipinas ay magse-save ng P20 a day or P600 a month, ilan kayang future mag-nanakaw at kidnapper ang maaalis natin sa kalye? Nandiyan ka pa ba?

Ano ang punto namin dito, kaibigan? Ang problema ng Pilipinas ay hindi lang problema ng gobyerno, dahil hindi kayang lutasin ng gobyerno ang lahat ng ating problema. Kailangan tayong magtulong-tulong. Katulad nito, ***P20 isang araw, nababawasan ang mga future na problema ng bayan, mga future magnanakaw sa bahay mo, future snatcher ng cellphone mo, future carnapper ng kotse mo at iba pa.***

Habang binabasa mo ang librong ito, baka sakaling gusto mong mapagpala ng Diyos at maisipan mong tumulong. Huwag kalilimutan ang ***World Vision (+632.372.7777, 0917-8664824 SMS only) at Operation Blessing (0 917-5812603, 0920-4975558, 0922-8036922)*** . Ito ang mga organisasyong tuJ mutulong sa ikagaganda ng Pilipinas.

# 4. We need money to live harmoniously with others



Sa palagay mo, ano ang madalas pagawayan ng mag-asawa, mag-ina, magama, mag-biyenan, magkaibigan, magamo (employee-employer) at iba pa? Isa sa pinakamadalas maging dahilan ng pag-aaway ng maraming tao ay pera. Ibig sabihin, pera rin ang dahilan kung bakit maraming relasyon ang hindi maayos. Naisip mo na ba kung gaano karaming away ang maiiwasan kung wala tayong problema sa pera? Sagot: Napakarami! Ibig sabihin, konti na lang ang ating pagaawayan. My wife and I are marriage counselors. Kami ay tumutulong sa

pagaawayan. My wife and I are marriage counselors. Kami ay tumutulong sa mga mag-asawa para ayusin ang kanilang mga problema sa buhay. Base sa maraming pag-aaral, pera ang isa sa pinakamadalas pag-awayan ng mga mag-asawa! Kung balak mong mag-asawa, siguraduhin mong mayroon kang pera. Dahil magastos ang mag-asawa.

Isa-isahin natin ang gastos. Mister, hindi lang puro bulaklak at “I love you” ang kailangan ni misis. Kailangan din n’ya ng pera. Eto pa ang problema. Darating ang araw, mabubuntis ang asawa mo. Napakagastos niyan. Magkakaanak kayo. Mas magastos yan! Bakit? Araw-araw gatas, araw-araw diaper. Buwan-buwan check-up at injection. Magkano ang injection ngayon? Isang libo, dalawang libo…

Isang araw, mag-aaral na ang anak mo, panibagong gastos na naman ‘yan. Araw-araw baon, buwan-buwan tuition. Kaya kung hindi ka sigurado sa iyong mapapangasawa, huwag ka munang magpakasal. Hindi ako nagbibiro. Eto pa ang isang malaking problema, kapag nagpakasal ka, may libre. “Sir ano iyong libre?” May libre… may libreng biyenan. Kumusta ang relasyon mo sa biyenan mo? Magsabi ka ng totoo!

Sa kumpanya, ano ang madalas pag-awayan? Costcutting. Ano yung cost? Pera! Ano ang parating pinagdedebatehan ng union at ng management? Pera! Ano ang punto ko? Malaking issue ang pera, kaya kailangan nating panghawakang mabuti ang ating kaperahan.

# 5. Because we need money for the future.



At ang pinaka-importanteng dahilan kung bakit kailangan nating panghawakang mabuti ang ating kaperahan-- because we need money for the future. Kailangan natin ng pera para sa kinabukasan. Ano ang ibig sabihin ng kinabukasan? What if, one day, magkasakit ka? Sino ang magpapagamot sa iyo? Health Card. OK, dahil nagtatrabaho ka at binabayaran iyan ng kumpanya mo. Pero, assuming nawalan ka ng trabaho. Sino ang magpapagamot sa iyo? Ikaw na. Eh paano kung magkasakit ang anak mo. Sino ang magpapagamot? Eh paano iyong nanay mo, tatay mo, kapatid mo? Pangako, mangyayari ‘yan.

Nagkasakit ka, wala kang trabaho, may anak ka pang naggagatas, patay kang bata ka! Ano ang uunahin mo, gamot mo o gatas ni baby? Tayo, pwede tayong magutom, pero iyong bata, hindi pwedeng magutom. At alam mo bang maraming tao ang dumadaan sa sitwasyong ito? Ang problema, itong taong ito, dating may trabaho pero hindi niya pinaghandaan ang kinabukasan niya.

Paano kung magsara ngayon ang kumpanyang pinagtatrabahuhan mo? Malaking problema yan. What if walang retirement pay? Walang separation pay? Wala lahat? Iyong pera mo sa wallet at pera mo sa bangko, ilang araw ang aabutin para sa pangangailangan ng pamilya mo? Iyan ang sinasabi kong future! Tanong? Pwede kayang mangyari ito? Pinaghandaan mo na ba ito? Diyan tayo sumasabit, kasi hindi natin nafo-foresee kung ano ang mga pwedeng mangyari sa kinabukasan. Nakatunganga na lang tayo. Eh pwede namang paghandaan, para pagdating ng araw na 'yan, hindi ka magugulat. Nagkakaintindihan ba tayo?

Dagdagan pa natin ang problema mo. Isang araw, tatanda ka. Handa ka na bang tumanda? At alam mo ba, ang mga matatanda, may theme song sila. Alam mo ba ang theme song ng mga matatanda? ***"tatanda at lilipas din kayo, ngunit mayro'ng awiting iiwanan sa inyong alaala."*** Pag namatay ka, ano ang iiwan mo sa iyong mga mahal sa buhay? Puro alaala. Ang masakit, may utang pa. Hindi po kami nagbibiro. Napakaraming namatay, ang iniwan lang ay alaala. Tsk, tsk, tsk.

# Two kinds of Old Age



Alam mo ba na may dalawang klase ng katandaan sa buhay? Tingnan mo kung saan ka pupulutin…



**Katandaan No. 1.** Halimbawa, magkapatid tayo at pareho tayong naninirahan sa Maynila. Isang araw, tumawag sa akin ang tatay nating nasa probinsya. "Anak, pwede ba akong makitira riyan sa bahay ninyo, kahittatlong araw lang, kasi may aasikasuhin lang ako." Ang sagot ko, "Hay naku 'tay, sorry pero hindi pwede kasi alam n'yo namang maliit lang ang bahay namin at magugulo ang mga anak ko. Isa pa wala kayong matutulugan dito. Doon na lang kayo sa kapatid ko tumawag." At tumawag nga sa iyo si tatay. "Anak, pwede ba akong makitira riyan sa bahay ninyo?" Ang sagot mo ganoon din, "Hindi pwede, magulo rin dito sa bahay." Kawawang tatay walang gustong magpatira. Iyan ang katandaan no. 1.



**Katandaan No. 2.** Same scenario, tumawag sa akin ang tatay nating nasa probinsya. "Anak, pwede ba akong makitira riyan sa bahay ninyo, kahittatlong araw lang, kasi may aasikasuhin lang ako?" Ang sagot ko, "Hay naku 'tay, bakit tatlong araw lang, pwede kayo rito kahit isang linggo, isang buwan. Sabi ko nga sa inyo kahit dito na kayo tumira. Ayusin na po ninyo ang gamit ninyo at susunduin ko na kayo." Pagkatapos naming mag-usap ni Tatay ay napatawag ka sa akin. "Hello, kapatid," ang sabi mo. "Nabalitaan kong luluwas daw ng Maynila si Tatay at d'yan tutuloy at susunduin mo pa. Huwag mo na lang sunduin si Tatay. Ako na lang ang susundo sa kanya. Dahil sa akin titira si Tatay sa ayaw at sa gusto mo, maliwanag?" 'Yan ang Katandaan No. 2.

Anong pagkakaiba ng Katandaan No. 1 sa Katandaan No. 2? Si Katandaan No. 1, pinagtatabuyan. Si Katandaan No. 2, pinag-aagawan. Bakit kaya? Hmmm…



***Tanong:***
***Pagtanda mo, pag-aagawan ka kaya o ipagtatabuyan ka ng mga kamag-anak mo?***

Ito ang masakit sa lahat. Wala ka ng pera, masama pa ang loob mo. 'Di ba ang mga matatanda, maramdamin na (sensitive baga)? Sabi sa amin ng mga tatay at nanay: "Hindi mangyayari sa akin iyan dahil mahal ako ng mga anak ko. " Assuming, mahal ka ng mga anak mo, mahal ka naman kaya ng manugang mo? Problema po 'yan.

For example, mayroon ka nang sariling pamilya at humingi ng pera ang tatay mo pambili ng gamot, bibigyan mo ba? Eh, paano kapag ang humingi ay bi yenan mo, bibigyan mo ba? Eh, paano kapag parehong nangailangan ang anak mo at mga magulang mo, eh sapat lang ang pera mo para tumulong sa isa, sino ang uunahin mo - anak o magulang? Nangyayari ba 'yan? Yes! Problema 'yan.

> Eto ang masakit: Magulang ka, nangailangan ka, hindi ka binigyan ng anak mo. Tapos biglang maaalala mo noong bata pa siya… ***nang isilang ka sa mundong ito…*** naalala mo lahat ng hirap mo, lahat ng pasakit, dahil lang sa walanghiyang anak na iyan. Ano, iiyak ka na lang? Tanong: Mali ba ang ginawa ng anak mo na hindi ka niya nabigyan? Masakit talaga 'yan. At nangyayari iyan araw-araw. So what is the best thing to do para hindi ito mangyari? Paghandaan ang iyong katandaan. Siguraduhin mo, pagtanda mo, pagaagawan ka nila at hindi ka nila ipagtatabuyan. And for that to happen, you should prepare for your future.



***Tanong:***
***Alam mo ba kung bakit ang mga mayayaman ay payaman nang payaman, at ang mahirap ay pahirap nang pahirap ?***


Kasi maraming mahihirap, hindi pinaghahandaan ang kinabukasan. Ang mayayaman, pinaghahandaan ang kinabukasan. Kapag ang mayaman, namatay, mas yumayaman lalo sila. 'Pag ang mahirap namatay, lalong naghihirap. Paanong nangyari iyon? Namatay ang isang mayaman. Sinong mayaman ang walang insurance? Bihira. Halos lahat ng mayaman, may insurance. Pinaghahandaan nila 'yan. Kaya kapag namatay ang isang mayaman, may P10 milyon ang pamilya niya.

'Yung mahirap, hindi kumuha ng insurance kasi nga mahirap. 'Pag nilapitan siya ng insurance agent… sasabihin, "Pare, kuha ng insurance." ***"Naku, huwag nating pag-usapan 'yan. Matagal pa 'kong mamamatay."***

Hindi ako nagbibiro. 'Pag kinausap mo ang isang mayaman tungkol sa insurance, kakausapin ka. Kausapin ninyo ang isang mahirap, 'di kayo papansinin.

Now, namatay 'yung mahirap. Anong mangyayari ? Pampalibing pa lang, uutangin na. So ngayon, pagpapalibing pa lang, maghihirap na sila. Wala pa iyong paglilibingan at nitso. Kaya lalong naghihirap, kasi hindi pinaghandaan. Eto ang problema: Lahat tayo mamamatay. Ito ang isang bagay na kailangan nating tanggapin. It will happen. Now, when it happens, are you ready? Iyon ang punto ko, kaya dapat paghandaan natin. Para kapag namatay ka, alam mong hindi maghihirap ang mga iiwan mo. It's better for us to talk about this today!

# Life Cycle of Man






Ang unang 21 years ng buhay natin ay **"Growth Years."** Ito ang mga panahon na nag-go-grow ka — physically (lumalaki ka), educationally (natututo ka, nag-aaral ka), emotionally (nagma-mature ka), at iba pa.



Ang second phase ng buhay natin ay **"Career Years."** Ito ang panahong nagtatrabaho ka na, kumikita ka na ng pera. You also call it "Asset Accumulation Years." Ito sana ang panahon o pagkakataon na nag-iipon ka na ng pera kasi mayroon kang pinaghahandaan. Ano ang isa sa mga pinaghahandaan mo?



'Yung susunod, **"Family Years."** Magkakaroon ka ng pamilya. Magkakaanak ka. Magpapaaral ka. Bibili ka ng bahay at lupa. At lahat iyan, magastos. Nagkakaintindihan ba tayo? Now watch carefully. Simula 0 to 50 years old, ang kakayahan mong kumita ng pera, pataas nang pataas.



Ang problema, hindi natatapos ang buhay doon. Ano ang kasunod? **“Physical Deterioration Years.”** Eto ang panahon na medyo manghihina ka na, magkakasakit ka na. May rayuma ka na. Marami na ang mawawala sa iyo. Baka mawalan ka na ng trabaho at malamang mawalan ka na rin ng buhok. At ano ang problema nito? Lumiliit na ang kakayahan mong kumita ng pera pero maaaring lumalaki ang gastusin mo.

Dati-rati, ang ibinibili mo lang ng diaper ay ang baby mo, pero ngayon baka pati ikaw mangailangan na ng diaper. ‘Pag nandito ka na sa phase na ito, marami ka ng sakit. Arthritis, high blood, diabetes at iba pa. Grabe na ‘to! Malaki na ang magagastos mong pera.




Ang problema ay hindi natatapos diyan. Darating ang araw, gusto mo pang magtrabaho pero hindi na pwede, magre-retire ka na, **“Retirement Years.”** Ang kakayahan mong kumita ng pera when you reach this level ay lalong bababa. Pangako, mangyayari ‘yan. At ito ang mas malaking problema - ang gastos mo baka pataas na nang pataas. “Sir, bakit pataas nang pataas?” Kasi by this time marami ka nang sakit. Maintenance medicine mo pa lang, ubos na ang pera mo. Maraming maysakit ngayon na P10,000 to P20,000 ang ginagastos sa maintenance medicine pa lang, sa gamot pa lang. Remember this!

Kapag dumating na ka na rito, high risk ka na sa heart attack. Alam mo ba ang gagastusin mo kapag na-mild heart attack ka? Mild pa lang, ha! You might need to spend mga 200 to 500 thousand pesos in the hospital. ‘Pag medyo serious, baka milyon ang abutin mo. Napaghandaan mo na ba ang araw na ‘yun? Darating iyan at baka malapit ka na.



**Kung nasa Career Years ka pa** , ito ang dapat mong gawin - save at least 20% of your income or save as much as you can, dahil darating ang panahon na hindi mo na kayang kumita ng pera. Kung titingnan mo ang Life Cycle of Man during Career Years at Family Years, mas malaki ang iyong kikitain kaysa gagastusin (ang tawag doon ay **"Surplus"** ). Pagdating mo sa "Physical Deterioration Years at Retirement Years," mas malaki ang iyong gagastusin kaysa kikitain (ang tawag doon ay "Deficit"). Kung ginawa mo ang tama, ang surplus mo ay pwede mong magamit para sa iyong deficit. Ibig sabihin, pagtanda mo, pag-aagawan ka ng iyong mga Kapuso, Kapamilya at Kapatid (kumpleto 'yan Channel 7, 2 at 5).



**Kung nasa Family Years ka pa** , medyo kaunti na lang ang panahon at pagkakataon mo para magipon, because by this time marami ka nang obligasyon sa buhay. Nagpapaaral ka, nagrerenta ka at marami pang ibang gastusin. Kaya parati naming sinasabi during our seminars, the best time to start preparing for the future is during career years.



**Kung nasa Physical Deterioration Years ka na** , medyo mas malabo na ito, pero may pag-asa pa rin. Tandaan mo, “Habang may buhay, may pagasa.” Pero pag-isipan mo ito. Kung ikaw ay mabisyong tao at lahat ng ininom mo at sinigarilyo mo noon ay tinipid mo, mayaman ka na siguro ngayon. Hindi kami nagbibiro. May mga tao ngayon na pagdating ng 50 years old, hindi na kailangang magtrabaho.

They have all the money until they die because from the time they were 21 years old up to the time they were 50 years old, inayos na nila ang kanilang kaperahan. To some of us, 50 na, nagkukumahog pa. Ang sakit ano? Para sa mga bata-bata, handle your money well, so by the time you reach the of age 50, you don’t need to work. You can enjoy life. ‘Di ba ang sarap ‘nun?

Hindi tulad ng maraming tao ngayon, may edad na, nagtatrabaho pa, may sakit pa, at natatakot magkasakit dahil walang pampagamot. Ang sikreto ng buhay ay hindi kung magkano ang kinita mo. Ang sikreto ay kung magkano ba ang itinabi mo? Kahit maliit ang kinikita mo, kung marunong kang magtabi, maayos ang iyong kinabukasan. Ang problema, kahit gaano kalaki ang kinikita mo, kung hindi mo itinatabi, patay kang bata ka, ay mali, patay kang matanda ka.

Ipakikita namin sa iyo kung ano ang mangyayari kapag natuto kang humawak ng pera. Sa mga may edad nang konti, h’wag mawalan ng pag-asa. Kung hindi n’yo nagawa ito, please, teach this to your kids. Bakit? Assuming ‘di ka masyadong nakapag-ipon ng pera at tinuruan mo ang iyong anak ng tamang paghawak ng pera, pagdating ng panahon, mayaman sila. Sa yaman nila, they can support you. But to most of you na hindi naman gaanong katandaan, lalong may pag-asa. Meaning, kahit nasaang estado kayo, ‘di pa huli ang lahat. May pag-asa pa.

# Power of Systematic Investment for Employees

Assuming, you're 21 years old at kumikita ka ng P12,000 a month. At nag-save ka ng 20% of your income a month. So you save P2,400 a month. In 1 year, you will have P31,200, (P2,400 × 13 months, kasama ang 13$^{th}$ month pay), kaya mo ba iyan? Balik tayo sa kuwento. Iyong pera mo inilagay mo sa isang investment that will earn 5% per annum.



***Tanong:***
***Mayroon bang investment na nagbibigay ng 5% per annum return?***

Mayroon. Kung hindi mo alam, ang tawag diyan ay lack of knowledge, or kakulangan sa kaalaman.

**At age 30, mayroon kang P409,632**

**35, mayroon kang P703,825**

**40, mayroon kang P1,079,299 (if by that time, wala ka pang asawa, pwede ka nang bumili ng isa)**

**50, mayroon kang P2,170,115**

**60, magrere-tire ka na, mayroon kang P3,946,941**

Hindi mo na hihintayin ang retirement pay mo sa kumpanya. Barya na lang iyon. Ang ginawa mo lang, nagtabi ka ng 20% ng kinikita mo buwan-buwan. Magkano? Nagtabi ka ng P2,400 a month. At ginagawa mo iyan every sweldo. Consistency ang kailangan. That's the key in investment. Kaya pagdating mo ng 60, marami ka nang pera. Pero alam mo? Kawawa ka naman. Awang-awa ako sa iyo. Alam mo kung bakit? Una, from age 21 to 60 years old, P12,000 lang ang sweldo mo. Hindi tumaas ang sweldo mo.

The example above is with the assumption that there is no salary inJ crease, no overtime pay, no other high-yielding investment. Pwede ba 'yun? That means ang liit nito; you can save more. Eh, paano kung may salary increase, bonus, overtime pay at iba pa? Easily, your savings will double or
increase, bonus, overtime pay at iba pa? Easily, your savings will double or
triple. Here's the key, kung hindi mo gagawin, hindi mangyayari iyan. Drawing lang lahat ang ating pinaguusapan.

Now, let's assume na may salary increase. With 5% salary increase, let's assume pa rin na 20% per month ang sine-save mo sa bangko, at nagsimula ka pa rin P12,000 na sweldo. At kumikita ang investment mo ng 5% per annum.

**By the time you reach**

**40, you'll have P1,651,716**

**50, you'll have P4,038,917**

**60, you'll have P8,775447** Can you imagine

kung gaano kaganda ang buhay mo pagdating ng panahon? Kung hindi mo nagawa ang mga ito noon, you can start today.Tandaan mo, P12,000 lang ang sweldo mo. Eh paano kung mas mataas? Please refer to the **Power of Systematic Investment for Employees** on page 39 .

Sabi ng isa naming participant, "Eh paano kung hindi na kami 21 years old, may pag-asa pa ba kami?" Ang sabi ko sa kanila, "Huwag kayong mag-alala, pinaghandaan ko kayo." Madali naman akong kausap. Eto, fill in the blanks or fill in your age. Please go to page 40 .

**Example 1:**

**Age** = **30 years old**

**Salary** = **P12,000/month**

**Years to Work** = **60 (retirement age)-30 years old = 30 years**
(Assuming you can still work for the next 30 years)

(Look at P12,000 Salary Column and Year 30 Row of **Power of Systematic Investment for Variable Age on** **page 40** **.)** And you will see your projected savings

**Projected Savings=** **P4,038,917**

**Example 2:**

**Age** = **40 years old**

**Salary** = **P15,000/month**

**Years to Work** = **60 (retirement age)-40 years old = 20 years**

(Look at P15,000 Salary Column and Year 20 Row of **Power of Systematic Investment for Variable Age on** **page 40 .)**

**Projected Savings= P2,064,645**

Siguro ang tanong mo bakit maliit ang savings? Kasi late ka na nagsimulang mag-invest. As you can notice patanda nang patanda, paliit nang paliit ang iyong maiipon. Kaya palagi naming sinasabi, start as early as possible. ‘Yan ang sikreto ng investment, the younger you invest, the bigger your savings, the older you invest, the smaller your savings.

**Example 3:**

| | |
|---|---|
| **Age** | **= 40 years old** |
| **Salary** | **= P60.000/month** |
| **Years to Work** | **= 60 (retirement age)-40 years old = 20 years** |

(Look at P60,000 Salary Column and Year 20 Row of **Power of Systematic Investment for Variable Age on** **page 40 .)**

**Projected Savings= P8,258,579**

# Power of Systematic Investment for Children

Alam mo ang mga anak namin, elementary pa lang nag-iipon na. Kaya ang mga anak namin, every day, every month, they maintain their own bank account. Kadalasan kapag may nagreregalo sa kanila ng pera, they don’t spend it; they put it in the bank or good investment. At karamihan sa naipon nila ay galing sa kanilang allowance, galing sa mga regalo, galing sa mga aginaldo tuwing pasko. Think about it!

Example: Kung ikaw ay nagsimulang mag-save para sa anak mo noong bata pa siya, P20 a day at taun-taon nagdadagdag ka lang ng 5% sa savings, ‘pag 30 years old na ang anak mo, milyonaryo na siya. P20 lang siya nagsimula. Imagine if all your kids will be like that. Millionaire at the age of 30. Eh paano kung hindi lang P20 ka nagsimula? Eh paano kung P50 o P100? Maybe your kids will be millionaires at the age of 21.

Can you imagine how financially successful your kids will be in the

future because you applied what you have learned today? Sigurado ako, magpapasalamat ang mga anak mo sa iyo pagdating ng panahon at malamang, aalagaan ka nila sa iyong katandaan. Please refer to **Power of Systematic Investment for Children with 5% increase in Savings/Year on** **page 41 .**

## Power of Systematic Investment for Employees with 5% Salary Increase/year

Assumptions : **5% Salary Increase/Year**, with 13 month pay from 21 to 60 yers old
Savings is 20% of salary
Savings invested with a 5% ROI (Return on Investment)/year

| Year | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 | 12,000 | 31,200 | 15,000 | 39,000 | 20,000 | 52,000 | 40,000 | 104,000 | 60,000 | 156,000 |
| 22 | 12,600 | 67,158 | 15,750 | 83,948 | 21,000 | 111,930 | 42,000 | 223,860 | 63,000 | 335,790 |
| 23 | 13,230 | 106,634 | 16,538 | 133,292 | 22,050 | 177,723 | 44,100 | 355,446 | 66,150 | 533,169 |
| 24 | 13,892 | 149,889 | 17,364 | 187,362 | 23,153 | 249,815 | 46,305 | 499,631 | 69,458 | 749,446 |
| 25 | 14,586 | 197,204 | 18,233 | 246,505 | 24,310 | 328,673 | 48,620 | 657,346 | 72,930 | 986,019 |
| 26 | 15,315 | 248,875 | 19,144 | 311,094 | 25,526 | 414,792 | 51,051 | 829,583 | 76,577 | 1,244,375 |
| 27 | 16,081 | 305,220 | 20,101 | 381,525 | 26,802 | 508,700 | 53,604 | 1,017,401 | 80,406 | 1,526,101 |
| 28 | 16,885 | 366,578 | 21,107 | 458,222 | 28,142 | 610,963 | 56,284 | 1,221,926 | 84,426 | 1,832,889 |
| 29 | 17,729 | 433,308 | 22,162 | 541,635 | 29,549 | 722,180 | 59,098 | 1,444,360 | 88,647 | 2,166,541 |
| 30 | 18,616 | 505,795 | 23,270 | 632,244 | 31,027 | 842,992 | 62,053 | 1,685,984 | 93,080 | 2,528,975 |
| 31 | 19,547 | 584,447 | 24,433 | 730,559 | 32,578 | 974,079 | 65,156 | 1,948,158 | 97,734 | 2,922,237 |
| 32 | 20,524 | 669,700 | 25,655 | 837,126 | 34,207 | 1,116,167 | 68,414 | 2,232,335 | 102,620 | 3,348,502 |
| 33 | 21,550 | 762,018 | 26,938 | 952,522 | 35,917 | 1,270,030 | 71,834 | 2,540,059 | 107,751 | 3,810,089 |
| 34 | 22,628 | 861,893 | 28,285 | 1,077,366 | 37,713 | 1,436,488 | 75,426 | 2,872,975 | 113,139 | 4,309,463 |
| 35 | 23,759 | 969,850 | 29,699 | 1,212,312 | 39,599 | 1,616,416 | 79,197 | 3,232,832 | 118,796 | 4,849,248 |
| 36 | 24,947 | 1,086,448 | 31,184 | 1,358,060 | 41,579 | 1,810,746 | 83,157 | 3,621,493 | 124,736 | 5,432,239 |
| 37 | 26,194 | 1,212,281 | 32,743 | 1,515,352 | 43,657 | 2,020,469 | 87,315 | 4,040,937 | 130,972 | 6,061,406 |
| 38 | 27,504 | 1,347,982 | 34,380 | 1,684,977 | 45,840 | 2,246,636 | 91,681 | 4,493,273 | 137,521 | 6,739,909 |
| 39 | 28,879 | 1,494,222 | 36,099 | 1,867,777 | 48,132 | 2,490,370 | 96,265 | 4,980,739 | 144,397 | 7,471,109 |
| 40 | 30,323 | 1,651,716 | 37,904 | 2,064,645 | 50,539 | 2,752,860 | 101,078 | 5,505,719 | 151,617 | 8,258,579 |
| 41 | 31,840 | 1,821,224 | 39,799 | 2,276,529 | 53,066 | 3,035,373 | 106,132 | 6,070,745 | 159,198 | 9,106,118 |
| 42 | 33,432 | 2,003,553 | 41,789 | 2,504,441 | 55,719 | 3,339,255 | 111,439 | 6,678,510 | 167,158 | 10,017,764 |
| 43 | 35,103 | 2,199,562 | 43,879 | 2,749,453 | 58,505 | 3,665,937 | 117,010 | 7,331,873 | 175,516 | 10,997,810 |
| 44 | 36,858 | 2,410,163 | 46,073 | 3,012,704 | 61,430 | 4,016,939 | 122,861 | 8,033,878 | 184,291 | 12,050,816 |
| 45 | 38,701 | 2,636,326 | 48,376 | 3,295,407 | 64,502 | 4,393,876 | 129,004 | 8,787,752 | 193,506 | 13,181,628 |
| 46 | 40,636 | 2,879,079 | 50,795 | 3,598,849 | 67,727 | 4,798,465 | 135,454 | 9,596,930 | 203,181 | 14,395,395 |
| 47 | 42,668 | 3,139,517 | 53,335 | 3,924,396 | 71,113 | 5,232,528 | 142,227 | 10,465,056 | 213,340 | 15,697,584 |
| 48 | 44,801 | 3,418,801 | 56,002 | 4,273,501 | 74,669 | 5,698,001 | 149,338 | 11,396,002 | 224,007 | 17,094,003 |
| 49 | 47,042 | 3,718,164 | 58,802 | 4,647,705 | 78,403 | 6,196,940 | 156,805 | 12,393,880 | 235,208 | 18,590,820 |
| 50 | 49,394 | 4,038,917 | 61,742 | 5,048,646 | 82,323 | 6,731,528 | 164,645 | 13,463,056 | 246,968 | 20,194,584 |
| 51 | 51,863 | 4,382,450 | 64,829 | 5,478,062 | 86,439 | 7,304,083 | 172,878 | 14,608,165 | 259,317 | 21,912,248 |
| 52 | 54,456 | 4,750,238 | 68,071 | 5,937,798 | 90,761 | 7,917,064 | 181,522 | 15,834,127 | 272,282 | 23,751,191 |
| 53 | 57,179 | 5,143,850 | 71,474 | 6,429,812 | 95,299 | 8,573,083 | 190,598 | 17,146,165 | 285,896 | 25,719,248 |
| 54 | 60,038 | 5,564,947 | 75,048 | 6,956,183 | 100,064 | 9,274,911 | 200,128 | 18,549,822 | 300,191 | 27,824,733 |
| 55 | 63,040 | 6,015,294 | 78,800 | 7,519,117 | 105,067 | 10,025,489 | 210,134 | 20,050,979 | 315,201 | 30,076,468 |
| 56 | 66,192 | 6,496,763 | 82,740 | 8,120,954 | 110,320 | 10,827,938 | 220,641 | 21,655,876 | 330,961 | 32,483,814 |
| 57 | 69,502 | 7,011,341 | 86,877 | 8,764,176 | 115,836 | 11,685,568 | 231,673 | 23,371,136 | 347,509 | 35,056,705 |
| 58 | 72,977 | 7,561,135 | 91,221 | 9,451,419 | 121,628 | 12,601,891 | 243,256 | 25,203,783 | 364,884 | 37,805,674 |
| 59 | 76,626 | 8,148,380 | 95,782 | 10,185,475 | 127,710 | 13,580,633 | 255,419 | 27,161,266 | 383,129 | 40,741,899 |
| 60 | 80,457 | 8,775,447 | 100,571 | 10,969,308 | 134,095 | 14,625,744 | 268,190 | 29,251,488 | 402,285 | 43,877,233 |

# Power of Systematic Investment for Employees with Variable Age

**Assumptions :** **5% Salary Increase/Year**, with 13 month pay
Savings is 20% of salary
Savings invested with a 5% ROI (Return on Investment)/year

| Year | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings | Salary | Acc. Savings |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 12,000 | 31,200 | 15,000 | 39,000 | 20,000 | 52,000 | 40,000 | 104,000 | 60,000 | 156,000 |
| 2 | 12,600 | 67,158 | 15,750 | 83,948 | 21,000 | 111,930 | 42,000 | 223,860 | 63,000 | 335,790 |
| 3 | 13,230 | 106,634 | 16,538 | 133,292 | 22,050 | 177,723 | 44,100 | 355,446 | 66,150 | 533,169 |
| 4 | 13,892 | 149,889 | 17,364 | 187,362 | 23,153 | 249,815 | 46,305 | 499,631 | 69,458 | 749,446 |
| 5 | 14,586 | 197,204 | 18,233 | 246,505 | 24,310 | 328,673 | 48,620 | 657,346 | 72,930 | 986,019 |
| 6 | 15,315 | 248,875 | 19,144 | 311,094 | 25,526 | 414,792 | 51,051 | 829,583 | 76,577 | 1,244,375 |
| 7 | 16,081 | 305,220 | 20,101 | 381,525 | 26,802 | 508,700 | 53,604 | 1,017,401 | 80,406 | 1,526,101 |
| 8 | 16,885 | 366,578 | 21,107 | 458,222 | 28,142 | 610,963 | 56,284 | 1,221,926 | 84,426 | 1,832,889 |
| 9 | 17,729 | 433,308 | 22,162 | 541,635 | 29,549 | 722,180 | 59,098 | 1,444,360 | 88,647 | 2,166,541 |
| 10 | 18,616 | 505,795 | 23,270 | 632,244 | 31,027 | 842,992 | 62,053 | 1,685,984 | 93,080 | 2,528,975 |
| 11 | 19,547 | 584,447 | 24,433 | 730,559 | 32,578 | 974,079 | 65,156 | 1,948,158 | 97,734 | 2,922,237 |
| 12 | 20,524 | 669,700 | 25,655 | 837,126 | 34,207 | 1,116,167 | 68,414 | 2,232,335 | 102,620 | 3,348,502 |
| 13 | 21,550 | 762,018 | 26,938 | 952,522 | 35,917 | 1,270,030 | 71,834 | 2,540,059 | 107,751 | 3,810,089 |
| 14 | 22,628 | 861,893 | 28,285 | 1,077,366 | 37,713 | 1,436,488 | 75,426 | 2,872,975 | 113,139 | 4,309,463 |
| 15 | 23,759 | 969,850 | 29,699 | 1,212,312 | 39,599 | 1,616,416 | 79,197 | 3,232,832 | 118,796 | 4,849,248 |
| 16 | 24,947 | 1,086,448 | 31,184 | 1,358,060 | 41,579 | 1,810,746 | 83,157 | 3,621,493 | 124,736 | 5,432,239 |
| 17 | 26,194 | 1,212,281 | 32,743 | 1,515,352 | 43,657 | 2,020,469 | 87,315 | 4,040,937 | 130,972 | 6,061,406 |
| 18 | 27,504 | 1,347,982 | 34,380 | 1,684,977 | 45,840 | 2,246,636 | 91,681 | 4,493,273 | 137,521 | 6,739,909 |
| 19 | 28,879 | 1,494,222 | 36,099 | 1,867,777 | 48,132 | 2,490,370 | 96,265 | 4,980,739 | 144,397 | 7,471,109 |
| 20 | 30,323 | 1,651,716 | 37,904 | 2,064,645 | 50,539 | 2,752,860 | 101,078 | 5,505,719 | 151,617 | 8,258,579 |
| 21 | 31,840 | 1,821,224 | 39,799 | 2,276,529 | 53,066 | 3,035,373 | 106,132 | 6,070,745 | 159,198 | 9,106,118 |
| 22 | 33,432 | 2,003,553 | 41,789 | 2,504,441 | 55,719 | 3,339,255 | 111,439 | 6,678,510 | 167,158 | 10,017,764 |
| 23 | 35,103 | 2,199,562 | 43,879 | 2,749,453 | 58,505 | 3,665,937 | 117,010 | 7,331,873 | 175,516 | 10,997,810 |
| 24 | 36,858 | 2,410,163 | 46,073 | 3,012,704 | 61,430 | 4,016,939 | 122,861 | 8,033,878 | 184,291 | 12,050,816 |
| 25 | 38,701 | 2,636,326 | 48,376 | 3,295,407 | 64,502 | 4,393,876 | 129,004 | 8,787,752 | 193,506 | 13,181,628 |
| 26 | 40,636 | 2,879,079 | 50,795 | 3,598,849 | 67,727 | 4,798,465 | 135,454 | 9,596,930 | 203,181 | 14,395,395 |
| 27 | 42,668 | 3,139,517 | 53,335 | 3,924,396 | 71,113 | 5,232,528 | 142,227 | 10,465,056 | 213,340 | 15,697,584 |
| 28 | 44,801 | 3,418,801 | 56,002 | 4,273,501 | 74,669 | 5,698,001 | 149,338 | 11,396,002 | 224,007 | 17,094,003 |
| 29 | 47,042 | 3,718,164 | 58,802 | 4,647,705 | 78,403 | 6,196,940 | 156,805 | 12,393,880 | 235,208 | 18,590,820 |
| 30 | 49,394 | 4,038,917 | 61,742 | 5,048,646 | 82,323 | 6,731,528 | 164,645 | 13,463,056 | 246,968 | 20,194,584 |
| 31 | 51,863 | 4,382,450 | 64,829 | 5,478,062 | 86,439 | 7,304,083 | 172,878 | 14,608,165 | 259,317 | 21,912,248 |
| 32 | 54,456 | 4,750,238 | 68,071 | 5,937,798 | 90,761 | 7,917,064 | 181,522 | 15,834,127 | 272,282 | 23,751,191 |
| 33 | 57,179 | 5,143,850 | 71,474 | 6,429,812 | 95,299 | 8,573,083 | 190,598 | 17,146,165 | 285,896 | 25,719,248 |
| 34 | 60,038 | 5,564,947 | 75,048 | 6,956,183 | 100,064 | 9,274,911 | 200,128 | 18,549,822 | 300,191 | 27,824,733 |
| 35 | 63,040 | 6,015,294 | 78,800 | 7,519,117 | 105,067 | 10,025,489 | 210,134 | 20,050,979 | 315,201 | 30,076,468 |
| 36 | 66,192 | 6,496,763 | 82,740 | 8,120,954 | 110,320 | 10,827,938 | 220,641 | 21,655,876 | 330,961 | 32,483,814 |
| 37 | 69,502 | 7,011,341 | 86,877 | 8,764,176 | 115,836 | 11,685,568 | 231,673 | 23,371,136 | 347,509 | 35,056,705 |
| 38 | 72,977 | 7,561,135 | 91,221 | 9,451,419 | 121,628 | 12,601,891 | 243,256 | 25,203,783 | 364,884 | 37,805,674 |
| 39 | 76,626 | 8,148,380 | 95,782 | 10,185,475 | 127,710 | 13,580,633 | 255,419 | 27,161,266 | 383,129 | 40,741,899 |
| 40 | 80,457 | 8,775,447 | 100,571 | 10,969,308 | 134,095 | 14,625,744 | 268,190 | 29,251,488 | 402,285 | 43,877,233 |

## Power of Systematic Investment for Children with <u>5% Increase in Savings/year</u>

Assumptions : **5% Increase in Savings/Year**, from 1-40 years old
Savings invested with 5% ROI (Return on Investment)/year

| Year | Savings/day | Acc. Savings | Savings/day | Acc. Savings | Savings/day | Acc. Savings | Savings/day | Acc. Savings | Savings/day | Acc. Savings |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 20 | 7,300 | 50 | 18,250 | 75 | 27,375 | 100 | 36,500 | 200 | 73,000 |
| 2 | 21 | 15,713 | 53 | 39,283 | 79 | 58,925 | 105 | 78,566 | 210 | 157,133 |
| 3 | 22 | 24,950 | 55 | 62,374 | 83 | 93,561 | 110 | 124,748 | 221 | 249,496 |
| 4 | 23 | 35,070 | 58 | 87,676 | 87 | 131,513 | 116 | 175,351 | 232 | 350,702 |
| 5 | 24 | 46,141 | 61 | 115,352 | 91 | 173,027 | 122 | 230,703 | 243 | 461,406 |
| 6 | 26 | 58,230 | 64 | 145,576 | 96 | 218,364 | 128 | 291,152 | 255 | 582,303 |
| 7 | 27 | 71,414 | 67 | 178,534 | 101 | 267,801 | 134 | 357,068 | 268 | 714,137 |
| 8 | 28 | 85,770 | 70 | 214,425 | 106 | 321,637 | 141 | 428,849 | 281 | 857,698 |
| 9 | 30 | 101,383 | 74 | 253,457 | 111 | 380,186 | 148 | 506,915 | 295 | 1,013,830 |
| 10 | 31 | 118,343 | 78 | 295,858 | 116 | 443,787 | 155 | 591,715 | 310 | 1,183,431 |
| 11 | 33 | 136,746 | 81 | 341,864 | 122 | 512,796 | 163 | 683,729 | 326 | 1,367,457 |
| 12 | 34 | 156,693 | 86 | 391,732 | 128 | 587,598 | 171 | 783,464 | 342 | 1,566,927 |
| 13 | 36 | 178,293 | 90 | 445,732 | 135 | 668,597 | 180 | 891,463 | 359 | 1,782,926 |
| 14 | 38 | 201,661 | 94 | 504,152 | 141 | 756,228 | 189 | 1,008,304 | 377 | 2,016,607 |
| 15 | 40 | 226,920 | 99 | 567,300 | 148 | 850,950 | 198 | 1,134,600 | 396 | 2,269,200 |
| 16 | 42 | 254,201 | 104 | 635,502 | 156 | 953,254 | 208 | 1,271,005 | 416 | 2,542,009 |
| 17 | 44 | 283,643 | 109 | 709,107 | 164 | 1,063,660 | 218 | 1,418,214 | 437 | 2,836,427 |
| 18 | 46 | 315,393 | 115 | 788,483 | 172 | 1,182,724 | 229 | 1,576,966 | 458 | 3,153,932 |
| 19 | 48 | 349,610 | 120 | 874,024 | 180 | 1,311,036 | 241 | 1,748,048 | 481 | 3,496,096 |
| 20 | 51 | 386,459 | 126 | 966,148 | 190 | 1,449,222 | 253 | 1,932,296 | 505 | 3,864,591 |
| 21 | 53 | 426,120 | 133 | 1,065,299 | 199 | 1,597,949 | 265 | 2,130,598 | 531 | 4,261,196 |
| 22 | 56 | 468,780 | 139 | 1,171,950 | 209 | 1,757,925 | 279 | 2,343,900 | 557 | 4,687,800 |
| 23 | 59 | 514,641 | 146 | 1,286,603 | 219 | 1,929,904 | 293 | 2,573,206 | 585 | 5,146,411 |
| 24 | 61 | 563,916 | 154 | 1,409,791 | 230 | 2,114,687 | 307 | 2,819,582 | 614 | 5,639,164 |
| 25 | 65 | 616,833 | 161 | 1,542,082 | 242 | 2,313,122 | 323 | 3,084,163 | 645 | 6,168,326 |
| 26 | 68 | 673,631 | 169 | 1,684,077 | 254 | 2,526,115 | 339 | 3,368,153 | 677 | 6,736,307 |
| 27 | 71 | 734,566 | 178 | 1,836,416 | 267 | 2,754,624 | 356 | 3,672,832 | 711 | 7,345,664 |
| 28 | 75 | 799,912 | 187 | 1,999,779 | 280 | 2,999,669 | 373 | 3,999,558 | 747 | 7,999,117 |
| 29 | 78 | 869,955 | 196 | 2,174,888 | 294 | 3,262,331 | 392 | 4,349,775 | 784 | 8,699,551 |
| 30 | 82 | 945,003 | 206 | 2,362,507 | 309 | 3,543,761 | 412 | 4,725,015 | 823 | 9,450,030 |
| 31 | 86 | 1,025,381 | 216 | 2,563,452 | 324 | 3,845,178 | 432 | 5,126,904 | 864 | 10,253,808 |
| 32 | 91 | 1,111,434 | 227 | 2,778,585 | 340 | 4,167,877 | 454 | 5,557,170 | 908 | 11,114,339 |
| 33 | 95 | 1,203,529 | 238 | 3,008,822 | 357 | 4,513,233 | 476 | 6,017,645 | 953 | 12,035,289 |
| 34 | 100 | 1,302,055 | 250 | 3,255,137 | 375 | 4,882,706 | 500 | 6,510,274 | 1,001 | 13,020,548 |
| 35 | 105 | 1,407,424 | 263 | 3,518,561 | 394 | 5,277,842 | 525 | 7,037,122 | 1,051 | 14,074,245 |
| 36 | 110 | 1,520,076 | 276 | 3,800,190 | 414 | 5,700,285 | 552 | 7,600,380 | 1,103 | 15,200,759 |
| 37 | 116 | 1,640,474 | 290 | 4,101,185 | 434 | 6,151,778 | 579 | 8,202,370 | 1,158 | 16,404,740 |
| 38 | 122 | 1,769,112 | 304 | 4,422,779 | 456 | 6,634,169 | 608 | 8,845,558 | 1,216 | 17,691,117 |
| 39 | 128 | 1,906,512 | 319 | 4,766,280 | 479 | 7,149,420 | 639 | 9,532,560 | 1,277 | 19,065,120 |
| 40 | 134 | 2,053,229 | 335 | 5,133,074 | 503 | 7,699,611 | 670 | 10,266,147 | 1,341 | 20,532,295 |

During our seminars, we also discuss this matter kung paano gumanda ang buhay kung nagsimula ng maaga. Pero pagkatapos naming ipaliwanag kung ano ang mangyayari kung hinawakan ng tama ang kanilang kaperahan, maraming matatanda naming participants ang nagsasabing, ***"bakit ngayon ka tang dumating sa buhay ko?"*** Yung iba nga, napakanta pa…



***“Bakit ngayon ka lang dumating sa buhay ko?, pilit binubuksan ang sarado ko ng bangko.”***

Ang sabi nila, kung nalaman lang namin ‘yan noong mas bata-bata pa kami, eh di sana mayaman na kami at mas maganda sana ang aming buhay ngayon. Ang sabi ko, hindi pa huli ang lahat. Marami pang pwedeng mangyari sa buhay natin. Una, pagkatapos mong basahin ang librong ito, ipabasa sa iyong anak o mga nakababatang kamag-anak, para iyong mga maling nangyari sa iyo, hindi na mangyayari sa iyong mga mahal sa buhay. Pangalawa, basahin ang librong **“Kasusweldo pa lang, Ubos na”,** matututunan mo sa librong ito ang mga sumusunod:

***How to increase your income***

***How to start your own business***

***How to invest your money wisely***

***Practical ways on how to reduce your monthly expenses***


***How to get out of debt and stay out of debt***

***How to teach your kids how to handle money***

***And much more…***

# Unleash Money Management

**is teaching people how to unleash the highest potential of their money towards Success, Happiness and Significance.**




## Four Kinds of Money Managers or "Moneygers"

Under Unleash Money Management, we classify Money Managers into four. To introduce the first money manager, let me share with you a '70s hit song popularized by Gloria Gaynor:

*At first I was afraid, I was petrified*

*Kept thinkin' I could never live*

*without you by my side; But then I*

*spent so many nights*

*Thinkin' how you did me wrong*

*And I grew strong*

*and I learned how to get along…*

*…Go on now, go walk out the door*
*Just turn around now 'Cause you're*
*not welcome anymore Weren't you*
*the one who tried to hurt me with*
*goodbye Did you think I'd crumble*
*Did you think I'd lay down and die?*
*Oh no, not I. I will survive…*



**1. Survivor —** a person whose income level is equal to his/her expense level. The battlecry of a **Survivor** is ***"I will survive."*** Ang paniniwala niya ay "We should live within our means". This person earns and spends his money, and then earn again.






***Tanong: Do you believe that we should live within our means?***

My answer is, "No." Ang **Survivor** ay ang taong may P12,000 na sweldo at may P12,000 din na gastos buwan-buwan. May problem ba 'yan? Wala pa naman, magkakaproblema pa lang.

Example:

P12,000 suweldo, P12,000 gastos
May problema? Wala.

P12,000 suweldo, P12,000 gastos
May problema? Wala.

P12,000 suweldo, P12,000 gastos
January: May problema? Wala.

P12,000 suweldo, P12,000 gastos
February: Nasira ang electric fan niya. May problema? Mayroon na!

March: Saan siya kukuha ng pambili o pampagawa ng electric fan, eh, sanay na sanay siyang gumastos ng P12,000 a month? Ang pinakamadaling paraan ay mangutang. At dito na magsisimula ang isang masamang bisyo.

April

Una, uutang sa magulang. ‘Pag galit na ang magulang, uutang sa kapatid. ‘Pag galit na ang kapatid, uutang sa kamag-anak. ‘Pag galit na ang kamag-anak, uutang ka sa opisina. ‘Pag ayaw nang magpautang ng opisina, uutang sa gob yerno (SSS, Pag-ibig, etc.). ‘Pag ayaw nang magpautang ng gobyerno,uutang sa lending institutions o credit card. ‘Pag hindi na rin pwede sa credit card, pati bumbay “5-6” pinapatulan. Saan nag-ugat ang lahat ng ito? You lived within your means. Mas maganda…

**“We should live below our means.”**

Para kung dumating man ang anumang emergency o pangangailangan, mayroon kang dudukutin.



***Tanong: “Survivor” ka ba?***



**2. Pretender —** A person who would like to believe that his/her earnings would be able to cover his over-spending habits, … BUT SOON ENDS UP IN DEBT!




To understand a **Pretender** better, we would like to share this song made popular by The Platters:

*Oh-oh, yes, I'm the great Pretender*

*Pretending that I'm doing well*

*My need is such I pretend too much*

*I'm lonely but no one can tell…*

Ang **Pretender** ay ***"Pretending that I'm doing well"*** . Akala nila maganda ang buhay nila, ang problema, akala lang nila 'yon!

Ang **Pretender** ay naniniwala na, ***"My need is such I pretend too much."*** Kailangan niya ng sapatos pero hindi Nike. Kailangan niya ng cellphone, pero hindi iPhone. Kailangan niya ng kape, pero hindi Starbucks.

Ang **Pretender** ay, ***"lonely but no one can tell."*** Ito ang taong mukhang mayaman, amoy mayaman, lakad mayaman, at parang laging masaya at parang walang problema. Kaya lang, kapag nag-iisa na siya, ***"I'm lonely but no one can tell…"*** Bakit? Sa dami ng utang!

What is the cycle of a **Pretender** ? He earns, he will not spend. He will over spend. At dahil nag-overspend na siya, ano'ng gagawin? He will borrow money.




***"We lived in a house that we could not afford, We drove a car that we could not afford, We send our kids to schools that we could not afford. At marami pang iba that we could not afford."***



***Tanong: Pretender ka ba?***



**3. Seeker —** A person who has excess money but does't know where to invest his/her money properly.




This person earns money, pay all his obligations and meet all his needs, but still has excess money. Normally, ito ang bagong empleyado, may sweldo, walang asawa at nakikitira pa sa magulang, kaya maraming sobra. He earns, he spends, then may surplus kasi wala pang maraming gastos. Wala pa siyang maraming responsibilidad kaya may sobra. Ang gagawin niya, maghahanap siya ng investment. O maghahanap siya ng… pagkakagastusan, na ang akala niya ay investment. At kakantahin niya ang kanyang favorite song that goes like this…

(Sabi ni Kuh Ledesma)

(Sabi ni Kuh Ledesma)

> ***Dito ba? Dito ba?, Dito ba?… O, Dito ba?*** *Ang dapat kong paglagyan ng pera kong hiram sa ilalim ng araw?*

Sabi ng aming mga female participants…

> ***SM ba? Glorietta ba? Trinoma ba? O, Rustans ba?*** *Ang dapat kong paglagyan ng pera kong hiram sa ilalim ng araw?*

Sabi ng aming mga male participants…

> ***Alak ba? Yosi ba? Gadget ba? O, Babae ba?*** *Ang dapat kong paglagyan ng pera kong hiram sa ilalim ng araw?*


Sabi pa ng isa naming participant, "Noong binata pa po ako, ang dami kong pera, pero kung saan-saan ko lang dinala dahil 'di ko po alam kung saan dapat dalhin. Ngayong may asawa na ako, ang dami kong gastos at kulang ang aking sweldo. Kung nag-invest sana ko noon, wala sana akong problema sa pera ngayon at malamang mababawasan ang away namin ni misis." Sana, sana, sana… Habang binabasa mo ito, marami ka rin bang perang sinayang noon o marami kang perang sinasayang hanggang ngayon?



***Tanong: Seeker ka ba?***



**4. Unleasher —** A person whose mission is to UNLEASH the highest potential of his/her money thereby paving the way for a life of success, happiness and significance!




Ang pang-apat na money manager ay ang taong kapag kumita ng pera ay magse-save, mag-i-invest at pagkatapos ay tsaka pa lang gagastos. Ito ang pinakamagandang paraan ng paghawak ng pera.

Kami pong mag-asawa, believe it or not, ay dumaan sa malalim na pagkakautang. In the first four years of our marriage, nagparami kami ng utang. Dumating sa punto ng buhay namin na para bang ayaw na naming gumising sa umaga. Hindi na namin alam ang gagawin. Hindi ko alam kung naranasan mo na ito. Sabi nga ng kanta, ***"walang tigil ang ulan"*** . Talagang away dito, away doon. Bakit? Kasi nabuhay kami bilang **Pretenders** .

Naaalala pa namin noong araw, kapag nagpapagasolina kami, nakabalot sa palara ang pambayad namin. Hindi kami nagbibiro! Nakabalot sa palara! Alam n"yo po ang ibig sabihin "nun? Barya ang aming pambayad para sa isang litrong gasolina.

Take note, manager na ako ng isang kumpanya at manager din ang aking asawa at that time. **Dumating na kami sa puntong may kotse nga kami pero walang panggasolina. Siguro gaya ng maraming Pilipino ngayon, may cellphone pero walang load.**

Dati, madalas kaming mag-away mag-asawa. Marami sa aming pinag-aawayan, ang ugat ay pera. Until one day, we realized - tama na, sobra na, itigil na! Kailangan na naming ayusin ang aming problema sa pera. Pagod na pagod na kami.

Alam mo kung ano ang una naming ginawa? Nanalangin kaming mag-asawa at humingi kami ng tulong sa Diyos. Kung sakaling mayroon kang malaking problema sa pera ngayon, baka mas magandang gayahin mo ang ginawa namin. Manalangin ka sa Diyos. Bago mo ituloy ang pagbabasa ng librong ito, I suggest that you say a little prayer to God, right now.



(Prayer: Lord, ……………………………………)

Pangalawa naming ginawa, nag-aral kami ng tamang paraan ng paghawak ng pera. Nagbasa kami ng mga libro about financial management. (Kaya ang pagbabasa mo ng librong ito ay napakagandang hakbang para sa ikagaganda ng iyong buhay.)

Pangatlo, unti-unti naming in-apply ang aming mga natutunan at ginawa namin ito araw-araw, meaning as consistent as possible.

For the next four years, natuto kami ng tamang paghawak ng pera. Unti-unti, nakapagbayad kami ng aming mga utang. On our ninth year, wala na kaming utang. Itinuloy pa rin namin ang tamang paghawak ng pera at unti-unti, we were able to invest our money properly. We are now on our 21st year of being married and we are happy to tell you that we have more than enough money for our family, more than enough money for our future, and even more than enough money to help others.

**One of our greatest motivations in writing this book is to share our experiences with others and encourage the Filipinos, na may pag-asa pa sa Pilipinas. Pangarap namin isang araw…**

1. **Ang Pilipino ang magiging isa sa pinakamayamang tao sa buong mundo.**
2. **Wala ng nanay na mag-a-abroad para mag-alaga ng anak ng may anak. Ang aalagaan niya ay ang kaniyang anak.**
3. **Wala ng tatay na mag-a-abroad para kumita ng kaunting dolyar sa abroad. Dito na siya magtratrabaho.**

Para mangyari ito, dapat turuan ang bawat Pilipino kung paano ang tamang paghawak ng pera at paano magsimula ng negosyo. Ang aming paniniwala ay kung kaming magasawa ay nakaahon sa malalim na problema sa pera, sa awa at tulong ng Diyos, ang bawat Pilipino ay may pag-asa ring makaahon sa kahirapan.

makaahon sa kahirapan.

Ngayon, we are living in a whole new world. We are able to help so many people get out of debt and stay out of debt. Nagtuturo kami ngayon sa maraming kumpanya at kanilang mga empleyado kung paano nila mapapaganda ang kanilang buhay. Binigyan din kami ng Diyos ng pagkakataon na makapagturo at maibahagi ang aming mga nalalaman sa TV at radio.

Habang binabasa mo ang librong ito, ang aming hangad ay sana matulungan ka namin na magkaroon ka rin ng buhay na masagana. Hangad namin na sa mga darating na pahahon ay ikaw naman ang tutulong sa iba upang mas maraming Pilipino ang gumanda ang buhay. Alam mo, ang sarap ng pakiramdam ‘pag isang araw, ikaw na ang tumutulong sa iba.

Para maging **Unleasher** — you earn; pagkatapos, hindi spend, but save, invest, and after you invest ay saka ka pa lang gagastos. If you practice this principle, ang tawag sa iyo ay hindi na **Survivor**  , hindi na **Pretender**  , hindi na rin **Seeker**  . Ang tawag sa iyo ay  **Unleasher!**



# Unleasher

Ano ba ang **Unleasher** ? An **Unleasher** is a person **whose mission in life is to unleash the highest potential of his/her money, thereby paving a life of success, happiness and significance.**

Hindi lang namin gustong maging financially successful ka. Gusto rin naming maging happy ka. Alam mo ba na maraming tao, marami namang pera, pero hindi masaya? Marami ring tao na maraming pera, masaya, pero hindi naman makabuluhan ang buhay nila sa iba. Alam mo ba na napakasarap magkJ aroon ng makabuluhang buhay? Ibig sabihin, nakakatulong ka sa iba!Pangarap namin na dumating tayong lahat sa puntong matagumpay, maligaya at makabuluhan ang ating buhay. ‘Yung hindi lang ang sarili ang iniisip. Ang aming pangarap ay makatulong sa mga Pilipino na umunlad ang buhay upang umunlad ang ating bayan.

Hindi dito natatapos ang aming pangarap. Nangangarap din kaming maibigay ang aming Financial Management program sa lahat ng high school at college students sa buong Pilipinas. Kami ay gumagawa na ng hakbang para ito ay matupad. Sa katunayan, ito ay nagaganap na sa ilang paaralan. Pangarap namin para sa mga anak natin na habang bata pa lamang sila ay matutunan na nila ang wastong paghawak ng pera. Bata pa lang ay matuto na silang pahalaJ gahan ang kanilang buhay at kaperahan.

***“Train a child the way he should go and when he is old he will not turn from it.” — Proverbs 22:6***

**Sa mga susunod na pahina ng librong ito ay ituturo namin sa iyo how to live a life of Financial Success, Happiness and Significance.**

# 10 Steps to Unleash the Highest Potential of Your Money

## 1. You must know where your money is coming from.




Saan ba nanggagaling ang pera natin? The most common answer is that are money comes from our salary. A better answer would be that our money comes from our income. Remember, your salary is just part of your income. salary is "sweldo" and income is "kita."

Kung gusto mong yumaman, kinakailangang mayroon ka pang ibang pinanggagalingan ng income! Aside from sweldo, ano pa ang ibang sources of income? Negosyo, investments at kung anu-ano pa.


### What is Income?



## Income is determined by the amount of problems you are willing to solve for others.

Malalaman mo kung magkano ang kikitain mo sa isang simpleng paraan — alamin mo lang kung gaano karaming problema ang sinosolusyonan mo para sa iba! Example: Bakit ka na-hire ng kumpanya ninyo? Dahil magaling ka, dahil qualified ka at iba pa. Ang pangunahing dahilan kung bakit ka na-hire ng kumpanya mo ay dahil may problema ang kumpanya ninyo.

Naghahanap sila ng taong makapagbibigay solusyon sa kanilang problema at sa tingin nila ay ikaw ‘yun! Kinuha ka para i-solve ang problema nila! At dahil sa binibigyan mo ng solusyon ang problema ng kumpanya mo, mayroon kang income. At habang may problema ang kumpanya ninyo at sinosolosyunan mo, mayroon kang sweldo.



Kaya pwede ba na simula sa araw na ito, kapag nakaharap ka ng problema sa trabaho, huwag maiinis, huwag malulungkot at lalo nang huwag magagalit! ‘Yan ang dahilan kung bakit may trabaho ka, tama ba? Kapag wala ka ng problema sa trabaho, kabahan ka na. Bakit? Malamang hindi ka na kailangan ng kumpanya mo.

Malamang mawawalan ka na ng trabaho. At kapag wala ka ng trabaho, wala ka ng sweldo! Kaya sa mga susunod na araw, kapag nakakita ka ng problema, matuwa ka! Ibig sabihin, may trabaho ka pa!



***Tanong:***
***Pare-pareho ba ang ating income?***

Hindi! Dahil iba-iba ang laki ng problemang ating binibigyan ng solusyon sa ating kumpanya! Ibig sabihin, kapag maliit ang problemang= solusyon sa ating kumpanya! Ibig sabihin, kapag maliit ang problemang sinosolusyonan mo, maliit din ang sweldo mo. Kapag malaki ang probJ lemang sinosolusyonan mo, malaki rin and sweldo mo!



***Tanong:***
***Gusto mo bang lumaki ang iyong kinikita?***

Malamang, "Oo," ang sagot mo. Pero ang mas magandang tanong ay, "Paano?" Simple lang ang sagot: ***Dagdagan ang problema na sinosolusyonan mo para sa iba!*** So bukas pagpasok mo sa opisina, pumunta ka sa boss mo at itanong mo, ***"Boss, meron ka bang problemang gusto mong solusyonan ko para sa 'yo?"*** Malamang tatawa-tawa ka ngayon, pero 'yan po ang sikreto sa pagpapataas ng sweldo!

Hindi tumataas ang sweldo ng maraming tao dahil ang problemang sinosolusyonan nila last year ay iyon pa rin hanggang ngayon. Hindi nga tataas ang sweldo nila. Ang dapat mong gawin, maghanap ng ibang problemang sosolusyonan mo para sa boss mo o para sa iba. Kaya mula sa araw na ito, huwag matakot sa problema. Dagdagan pa ang problemang sinosolusyonan mo, at pangako, tataas ang sweldo mo.

Upang tumaas and sweldo, siguraduhin mong may problema kang sinosolusyonan para sa iba dahil kung wala, kabahan ka na! Malamang mawawalan ka na ng trabaho.

Ngayon, tingnan mo ang iyong **Income and Expenses Analysis Form** sa page 60 at 61 . Isulat mo ang lahat ng pinagkakakitaan mo sa **"Actual Income per Month"** column (I suggest gumamit ng lapis, para kung magkamali ka, madaling burahin). Ibig sabihin, sweldo, komisyon, may sideline ka, may negosyo ka, dapat nandyan lahat, kung may asawa ka, dapat isulat mo rin ang kita niya.

Kung hindi mo alam ang kita ng asawa mo, malaking problema 'yan. Bakit? Isipin mo, kasal kayo, tapos hindi mo alam ang kinikita niya. Ang labo niyan. Kailangan mong isulat lahat ng kita buwan-buwan para malaman mo kung magkano ang pwede mong gastusin.



***You can't manage what you don't know!***



***Paalala! As much as possible huwag magpapatuloy ng pagbabasa, kung hindi mo pa naisulat ang iyong Income.***

Kung kailangan ninyo ng mas malaking form, **You can download Unleash Income and Expenses Analysis Form at** www.unleashinternational.com .

## UNLEASH Monthly Income and Expenses Analysis Form

| INCOME & EXPENSES | EXAMPLE | | ACTUAL | | Unleash Plan |
|---|---|---|---|---|---|
| | Year | Month | Year | Month | |
| **INCOME** | | | | | |
| Salary (Gross) | | 20,000 | | | |
| Spouse income (gross) | | 15,000 | | | |
| Allowance | | 2,000 | | | |
| Business (net) | | - | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| **Total Income** | | 37,000 | - | - | - |
| **EXPENSES** | | | | | |
| Offering to Church (Tithes & Offerings) | | | | | |
| Investments/Savings | | | | | |
| Savings (regular monthly savings) | | | | | |
| Life/Pension/Memorial/others | 24,000 | 2,000 | | | |
| Cooperative/Stocks/others) | | 300 | | | |
| Tax/SSS/Pag-Ibig/Others | | | | | |
| Tax | | 2,000 | | | |
| Pag-ibig/SSS Cotribution | | 400 | | | |
| Others : | | | | | |
| Debts | | | | | |
| Office/Cooperative Loans | | 500 | | | |
| SSS/Pag-Ibig/other Loans | | 1,000 | | | |
| Credit Cards | | 2,000 | | | |
| Others: | | | | | |
| Food (Wet, Dry Goods & others) | | 3,500 | | | |
| Baby (Milk, Diaper, Immu. & others) | | 2,000 | | | |
| Toiletries/Laundry (soap, shampoo, etc) | | 500 | | | |
| House/Utilities | | | | | |
| Rent/Mortgage | | 6,000 | | | |
| Electricity, Water & LPG | | 1,500 | | | |
| Telephone(s) (Landline) | | - | | | |
| Cell Phone-Prepaid/Line (Family) | | 600 | | | |
| Cable | | 500 | | | |
| House Help(s) | | 2,500 | | | |
| Donation to parents/bro./sis., others | | | | | |
| Others: | | | | | |
| Work Allowance (Food, Trans, others) | | 2,000 | | | |
| Education (For all dependents) | | | | | |
| Tuition Fee/12 | 24,000 | 2,000 | | | |
| School Allowance | | 2,000 | | | |
| School Bus/Transpo. Allowance | | 1,000 | | | |
| Bag, Books,Supp, uniform, others/12 | 6,000 | 500 | | | |
| Others: Projects,Contributions,others | | 200 | | | |

| INCOME & EXPENSES | EXAMPLE | | ACTUAL | | Unleash |
|---|---|---|---|---|---|
| | Year | Month | Year | Month | Plan |
| **INCOME** | | | | | |
| Personal Needs | | | | | |
| Clothing/Shoes/others/12 | 6,000 | 500 | | | |
| Perfume/Make-Up/Rebond,others/12 | 3,000 | 250 | | | |
| Cell Phone (Unit)/24 | 6,000 | 250 | | | |
| Gifts (Christmas, Birthday, others)/12 | 3,600 | 300 | | | |
| Others:Gym/Spa | | | | | |
| Vehicle (Car, Jeep, Motorcycle, others) | | | | | |
| Amortization | | | | | |
| Gas/Parking/Toll Fee | | 3,000 | | | |
| Insurance/12 | 12,000 | 1,000 | | | |
| Registration,Maint, others./12 | 6,000 | 500 | | | |
| Battery, Wheels & Miscellaneous/24 | 9,000 | 375 | | | |
| Recreation & Entertainment | | | | | |
| Movies,Date, Eat-Out, Mall,others | | 500 | | | |
| Birthday Celebration/12 | 3,600 | 300 | | | |
| Fiestas/12 | | | | | |
| Vacation,others/12 | | | | | |
| Smoking, Liquor & others | | 800 | | | |
| Gambling & others | | | | | |
| Others: | | | | | |
| Appliances ( TV, DVD, Ref, others)/48 | 40,000 | 833 | | | |
| Medical, Dental & Others | | | | | |
| Medicine (Diabetes/High Blood) | | | | | |
| Vitamins, Food supplements, others | | | | | |
| Doctor,Dentist & others/12 | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| Others | | | | | |
| **Total Expenses** | | 41,608 | - | - | |
| **Balance (Total Income-Total Expense)** | | (4,608) | - | - | |

# 2. You must know where your money is going.




Saan ba napupunta ang pera mo? Sa pagkain, damit, edukasyon, renta, transportasyon, alak, sugal, sigarilyo… Ang tawag po riyan ay Expenses. Ito ‘yung mga pinagkakagastusan mo buwan-buwan. Alam mo ba kung magkano ang lumalabas na pera sa iyo buwan-buwan? Mahihirapan kang yumaman kung hindi mo alam ang lumalabas na pera sa iyo every month. Dapat ay may listahan ka araw-araw, buwan-buwan ng pumapasok at lumalabas. Kapag hindi mo ito ginawa, mahihirapan kang yumaman. Nagkakaintindihan ba tayo?

## What is Expense?



**Expense is determined by the amount of problems you are willing others to solve for you.**

Ano ‘yun, ulit? Ang gastusin mo ay depende sa kung gaano karaming problema ang pinapasolusyonan mo sa iba. For example, nagugutom ka; ibig sabihin may problema ka. Ano ang problema mo? Gutom. Ano ang ginawa mo? Pumunta ka sa Jolibee. Sino ang sumolusyon sa problema mo? Si Jollibee! Sino ang may gastos? Ikaw! Sino ang kumita? Si Jollibee! Malinaw naman ‘di ba? So, ‘pag ikaw ay may problema at pinasolusyonan mo sa iba, mayroon kang gastos. Magbabayad ka.



***Tanong: Pare-pareho ba ang gastos natin?***

Hindi! Bakit? Dahil iba-iba ang ating problema. For example, may dalawang taong bumili ng cellphone. Yung una, ang binili niyang cellphone ay MyPhone worth P1,000. Ang isa naman ay bumili ng iPhone worth P30,000. Bakit iyong isa P1,000 ang ginastos at iyong isa P30,000? Simple lang iyan. Ang bumili ng MyPhone kaunti lang ang problema niya—talk and text lang… kaya ‘yung P1,000 na cellphone, ok na. Ang isa naman ay maraming problema (talk, text, camera, wifi, bluetooth, mp3, mp4, video, email, Facebook, Twitter, at marami pang iba) kaya P30,000 ang gastos niya. Ano ang ibig sabihin? ***Ang taong maraming problema, magastos! Ang taong kaunti ang problema, matipid!***

Heto pa. Bakit ‘yung iba kung bumili ng sapatos, Nike, worth P5,000? Bakit ‘yung iba, Advan, worth P500 ok na. Bakit nga? Kasi ang bumili ng Advan, isa lang ang problema niya — sapatos. Ang bumili ng Nike, maraming problema. Hulaan mo kung anu-anong mga problema niya? Una, sapatos; pangalawa, dapat ang sapatos niya may hangin (air), at dapat ‘yung isinusuot ni Michael Jordan, kaya limang libo ‘yun. At ang pinakamalaki niyang problema ay **“image problem.”** Sabi niya, “Ano na lang ang sasabihin ng madlang people?” Kaya dapat, Nike! (o, di ba?) May kilala ka bang ganyan, ha?



Heto pa, kape. Ang isa ay bumili ng kape worth P120, P140. Ang isa 3-in-1 coffee naman. Magkano ang 3-in-1? P5! Bakit ang isa P140 ang gastos at ang isa naman P5 lang? Again, simple lang 'yan. Ang isa, ang problema lang ay kape at ang 3-in-1 ay kape. Iyong isa ang maraming problema — kape, at dapat brewed, dapat bumubula, may green na logo at dapat maganda ang ambiance. Kaya malaki ang gastos niya. What's the point? Kapag marami kang problema, mapapagastos ka.



***Tanong:***
***Gusto mo bang bumaba ang iyong gastusin?***
***Bawasan mo ang mga problemang pinapasolusyonan mo sa iba.***

Paano mo gagawin 'yun? Here's how. For example nagugutom ka. Gutom ang problema mo. Ipapasolusyon mo ba ito sa malapit na restaurant? Gastos lang iyan! Bakit hindi ka magbaon? Sino ang sumolusyon? Ikaw! Mas matipid 'yun! Ang sabi ng iba, "Ay mahirap iyan. Ikaw pa ang magluluto. Magbibitbit ka pa." Kung problema mo 'yan, tumawag ka na lang sa restaurant, iluluto yan para sa iyo at ide-deliver pa, kaya lang mas magastos.

Bakit maraming tao ang naninigarilyo? Marami silang problema. Sabi nila, "Kasi hindi ako makapag-isip kapag hindi ako naninigarilyo. Hindi ako natutunawan kapag hindi ako nakakapag-yosi." Ang iba naman, "Na-i-istress ako kapag hindi ako nakakapag-yosi. Naglalaway ako kapag hindi nakapag-yosi." So, karamihan ng nagyo-yosi ay may problema.

Ano ang gagawin ko para makatipid? Huwag mong ipasolusyon sa iba ang iyong problema. Eh, ano ngayon ang dapat mong gawin? ***Solus yonan mo ang sarili mong problema.*** Ang tanong ay, "Paano?"…

Kung ang problema mo ay naglalaway ka, eh di idura mo na lang! Sabi ng isang participant namin, “Ay! Naku, hindi po pwede sa Marikina iyan.” No problem, kung taga-Marikina ka, lunukin mo na lang! What’s the point? Bawasan ang problemang pinapasolusyon mo sa iba. Kapag may problema, solve it by yourself. Sino ang sumolusyon? Ikaw! Mas matipid ‘yun!

Please go page 60 and 61 at tingnan mo uli ang iyong **Income and Expense Analysis Form.** Isulat lahat ng iyong pinagkakagastusan buwan-buwan sa **“Actual Monthly Expenses”** column. Para mas maayos ang pagsulat mo, pwede mong gayahin ang example sa form. Sana naisulat mo as detailed as possible kasi napaka-importante nito. Makatutulong ito upang mapaganda mo ang iyong kaperahan.

As you do this, sana magpakatotoo ka ha. Huwag dayain ang mga nuJ mero. Ilagay lang ang tunay na nangyayari. Gagamitin mo ito para i-analyze at planuhin ang iyong kinabukasan. Pagkatapos, isulat ang lahat ng expenses, i-total lahat ng expenses at i-deduct mo ang total expenses sa total income at makukuha mo ang “Balance.” Positive ba o negative? Kung ikaw ay negative, ok lang iyan for now. According to our experience in our seminars, 85 to 90 percent of our participants ay nagnenegative! Pero huwag kang mag-alala. Ang importante, alam mo na ang iyong kalagayan.



***“If you don’t like the results, change the approach!”***



***Paalala! As much as possible huwag magpapatuloy sa pagbabasa, kung hindi mo pa naisusulat ang iyong mga Expenses.***

# 3. You must believe that you can be financially successful.




Kahit po gaano kalaki ang iyong problema, tandaan mo na may pag-asa pa. Mayroon kaming isang participant before na baon siya sa utang! Pero nang ang lahat ng natutunan niya sa seminar ay ini-apply niya araw-araw, sa loob ng isang taon ay nakabayad na siya sa lahat ng kanyang pagkakautang.

After another year, positive na po siya. And after a few years umangat na ang kaniyang buhay! Paalala ko lang, wala pong magic dito ha. Hindi ibig sabihin, that after reading this book ay aayos na ang problem mo sa pera. It will take discipline. It will take self-control and commitment na i-apply ang iyong mga natutunan.

Kaya importante po na mayroon tayong pag-asa. Maniwala ka na malaki ang pag-asa mo. Importante ang maniwala because…



***"You become what you believe."***

Naniniwala ka ba na balang araw ay magiging presidente ka ng kumpanyang iyong pinapasukan? Kung ang sagot mo ay, "Hindi," tama ka; hindi ka talaga magiging presidente ng inyong kumpanya! Bakit? Kung hindi mo kayang paniwalaan, hindi mangyayari. Pero kung ang sagot mo ay "Oo," may pag-asa ka.

Doon sa mga hindi naniniwala, tama kayo! Kasi kung hindi ninyo kayang paniwalaan, hindi talaga mangyayari! Iyan ang problema. Hindi tayo kulang sa galing. Ano ang kulang natin? Kulang tayo sa paniniwala. Gagawin mo ba ang isang bagay na hindi mo kayang paniwalaan?

# 4. You must set financial goals.






***"It doesn't matter where you came from. It doesn't matter where you are right now. What matters is where you are headed."***

Hindi na mahalaga kung baon ka sa utang ngayon. It doesn't matter kung pinahirapan mo ang sarili mo noon. Bakit? Kasi nakaraan na iyon. Wala ka nang magagawa. Pero what matters is where you are headed. Ang mahalaga ay kung saan mo ngayon gustong pumunta? How would you like to see your financial status a month from now? One year from now? 5 years from now? Ano ang mga financial goals mo? Mayroon kaming naging participant sa seminar before at ito ang kanyang naging financial goals:

***Goal #1. Mula ngayon, hindi na ako mangungutang.*** "One of the best decisions we have made in our lives, sa amin pong pamilya, ay ang desisyon naming hindi na kami mangungutang. Grabe! Dati ay lubog kami sa utang.

Mahirap ang lubog sa utang. Kaya nag-desisyon kami na hindi na mangutang at dahil doon, hindi na lumaki ang aming utang!”

***Goal #2. One year from now, I will be out of debt.*** “Eh, Sir, kasi may mga utang ako ngayon. Kinompute ko na within one year ay makakabayad na ako ng aking mga pagkakautang.” ‘Yung sa iba, maaring 2 years o 3 years bago makabayad depende sa lalim ng pagkakautang. Kaming mag-asawa, ang goal namin ay mabayaran ang aming mga utang within one year. Sa awa ng Diyos, within one year ay nakabayad po kami.

***Goal #3. Two years from now, I will have P250,000 in my bank account.*** Ito ang gagawin mo kapag nakabayad ka na sa lahat ng iyong pagkakautang. Pwede ka nang magsimulang mag-save. Depende sa iyo kung magkano ang kaya mong i-save sa loob ng isang taon. Napaka-importante ng goal na ito.

***Goal #4. Five years from now, I will have my own 5-bedroom house.*** Pero kailangan ay alam mo kung pwede nang bumili ng bahay o hindi pa. May kakilala kami, noong bumili siya ng bahay, lalo siyang naghirap at nagkabaun-baon sa utang. Kung hindi pa kaya, huwag munang bumili.

# 5. “You must plan to achieve your goals by having a…Budget.




Nakakita ka na ba ng taong nagplanong sirain ang buhay niya? Malamang, hindi pa. Pero bakit maraming taong sira ang buhay? Kasi, hindi sila nagplano ng kanilang buhay.



***“People don’t plan to fail, they just failed to plan.”***

Ito ang isa sa pinakamalaking problema ng mga Pilipino. Hindi tayo marunong magplano, asar na asar tayo sa pagpa-plano. Kaya hindi tayo yumayaman. Eh tayo, ano ang ginagawa natin? ***Bara-bara ‘bay o kaya Que sera sera, whatever will be, will be! The future’s not ours to see! Que sera, sera!*** Ganyan tayo. Aayos din ‘yan! Ang pagyaman ay hindi tsambahan. Itanong mo kay Tony Tan Caktiong, Henry Sy, o kaya kay Lucio Tan o kay John= Gokongwei. Hindi sila tsumamba sa pagyaman, nasa plano nila iyon. So ang buhay, pina-plano! Kaya napaka-importante ng pagpa-plano. Ganoon lang kasimple ang buhay. Paano magplano sa pera? Dapat mag-budget.

## What is a Budget?



**"A budget is a plan that balances income and expenses."**

Napakasimple ng budget. Babalansehin mo lang ang iyong kinikita sa iyong expenses! Ganoon lang? Oo, ganoon lang. Bago ka namin turuan kung paano mag-budget, tuturuan ka muna namin ng three very powerful budgeting principles! Sa totoo lang, gawin mo lang ang tatlong ito, gaganda na ang buhay mo (kahit hindi mo gawin 'yung iba). Pero mas maganda kung gagawin mo itong tatlo at gagawin mo rin 'yung iba. Tatlong prinsipyo, tandaan!

## Principles in Budgeting

Ano ang gagawin mo kung sa paglalakad mo sa kalye ay nakakita ka ng piso? Ano ang gagawin mo? Dadamputin? Dadamputin mo ang piso? Ang dumi-dumi na 'nun! May halaga pa ba ang piso ngayon? Aber, ano ang mabibili ng piso? Ano? Ano? Kendi. Alam mo ang laki-laki ng problema nating mga Pilipino. Ang pisong madumi, pinupulot natin. Ang pisong malinis, tinatapon natin. Ano ulit? Ang pisong madumi, pinupulot; ang pisong malinis, tinatapon! "Anong piso ang tinatapon natin?" Heto — gaano na karaming piso ang itinapon mo sa walang kakwenta-kwentang text?

## a. Piso 'Yan Principle



Unang prinsipyo, "Piso Yan." Ito ang sinasabi ko sa iyo — importante ang piso.Ang problema, kapag lumapit sa iyo ang anak mo at humingi ng piso, anong gagawin mo? Bibigyan mo? Hindi! Bakit? Wala ng bata ang humihingi ng piso!

Hindi na sila humihingi ng barya! Gusto nila, papel! Ang sabi ng Nanay, “P20 bibigyan ko.” “Sir, P20 LANG naman ‘yan e! Pag-aawayan pa ba ‘yan?” “Isang daang piso LANG naman iyan.”

Kapag nagpunta ka ng mall, nakakita ka ng T-shirt, dating P500 ngayon ay sale, P200 na lang. Bibilhin mo? “Syempre naman, Sir! Nakatipid ako ng P300!” Nakita mo lang ay nakatipid ka ng P300. Hindi mo nakita na gumastos ka ng P200! Sa isang t-shirt na hindi mo naman gaanong susuotin. Nand’yan ka pa ba? “Sir, sayang naman Sale!” Hindi mo malaman ang gagawin mo. Nanginginig ka pa na parang ayaw mong umalis kasi baka pag-alis mo ay mawala na yung t-shirt! Kaya ayaw mong umalis! Ayaw mo pang umuwi. Ang laki ng problema mo! Sayang kasi P200 LANG! Ito po ang unang-unang prinsipyo sa budgeting, PISO YAN! PISO…’YAN! Basahing muli,PISO…’Y AN!


Mula sa araw na ito, (bago bumitaw ng piso) ilagay sa isip, PISO ‘YAN! Hindi piso LANG ‘yan! Napakaimportante niyan. Bago bitawan, pag-isipan muna nang matagal. Pangako, yayaman ka.



Sino ang pinakamayayamang tao sa Pilipinas ngayon? Mga Chinese Taipans! Tony Tan Caktiong, Henry Sy, Lucio Tan, Gokongwei! Iyan ang mga maya yaman! Alam n’yo ba kung bakit sila mayaman? Dahil sa kanilang budgeting principles. Ano ang budgeting principles ng mga Chinese? “Hindi mabubuo ang piso ‘pag walang singko.” Sa kanila, importante ang singko. Kaya bago sila bumitaw ng singko, pinag-iisipang mabuti. Tayo, tapon na lang nang tapon.


Kung gusto mong yumaman (bago bumitaw ng piso), isipin muna, Piso Yan! Application: Halimbawa, nagte-text ka at mag-se-send ka na, pero naisip mo, piso ‘yan! Huwag mo na lang i-text! Napaka-simple! Nakatipid ka ng piso.‘Pag nakatipid ka ng 100 na P1, P100 na iyon. ‘Pag nakatipid ka ng 10 na P100,isang libong piso na iyon. Alam mo ba na ’pag may isang libong piso ka, nine hundred ninety nine thousand na lang, MILYONARYO ka na?

Paalala lang, ang ibang mga text, related sa trabaho ha! Hindi ‘yun ang pinag-uusapan natin. Iba naman ang mga walang kakwenta-kwentang text at ang mga text na “Wer n u?”, “Here na me!”, “K” — ito yung mga ‘yun. Iba po ‘yung office related. Doon po tayo kumikita. These are not expenses. Ano’ng tawag doon? Investment. May ROI (Return On Investment) iyun! OK iyun!



So, kapag humingi ulit ang anak mo ng piso, ano ang gagawin mo? Ako, kapag humihingi ng piso ang anak ko, hinihingan ko ng justification. Tinatanong ko, “Anak, bakit ka nanghihingi ng piso?” Ang sagot ng bata, “Kasi Daddy bibili ako ng candy.” Tanong ko ulit, “Bakit mo kailangan ng candy?” Ang sagot ng bata, ”Gusto ko po kasi…u..u..u..u..u”. Wala ng masabi ang bata. Wala ng maisip. Kaya “U..u..u.. Gusto ko lang po!” Hindi pwede ‘yun! Kayo ba sa kumpanya n’yo, pwedeng, “Sir, kailangan ko po ng P10,000.”

Kapag tinanong ka kung bakit, ang sagot mo ba ay “Gusto ko lang po!” Hindi pwede! Dapat may…dahilan! So, anong sasabihin mo sa bata — “Bakit mo kailangan ng candy?” Kakamot na lang ng ulo ‘yun at sasabihin sa iyo, “Sige po, ‘wag na lang po!” Nakatipid na ako ng piso!



Sabi ng isa naming participant, “Sir, kawawa naman ang bata.” You have to understand this — ilang bata na ang nasira ang ngipin, nagha-hyper, hindi makatulog sa gabi, nagkakasakit ng diabetes dahil sa candy?

Hindi lang naman pera ang usapan dito. Kailangan ba nila ‘yun? Makabubuti ba sa kanila ‘yun? Nandiyan ka pa ba?

# b. Kurot Principle



Pumunta naman tayo sa pangalawa, Kurot Principle! Ito ang pangalawang prinsipyo. Ano ‘yung Kurot Principle? Ay, ang ganda nitong Kurot Principle na ito. To better understand this, may isang taong balak bumili ng cellphone worth P1,000. Nagkataong mayroon siyang P100,000 na savings. Pwede ba siyang bumili ng cellphone? Pwede, kasi yung P1,000 **“kurot lang ‘yon”** sa kanyang savings.

May pangalawang taong balak bumili ng cellphone. Ang bibilhin n’ya ay worth P1,000 din. Mayroon siyang savings sa bangko na P1,000. Bumili siya ng cellphone. Anong tawag dun? **Dakot na ‘yun!** Dinakot lahat ang pera niya!

Ang pangatlong tao, balak bumili ng cellphone, pero walang savings. P1,000 lang naman ‘yung bibilhin niya. Bumili siya. Anong tawag ‘dun? **Utang na ‘yun!** Ang tanong — ano’ng prinsipyo ang ginagamit mo sa buhay mo? **Kurot? Dakot? o Utang?** Magtataka pa ba tayo kung bakit tayo naghihirap o baon sa utang? Ang gagaling nating dumakot. Ang gagaling nating umutang. Gusto mong yumaman? Starting today, matutong kumurot. Kapag may bibilhin, dapat kinukurot lang! Nagkakaintindihan ba tayo? Kapag ginawa mo ito, pangako yayaman ka.

Pag-aralan nating muli ang mga pinakamayayaman sa Pilipinas, ang Chinoy. Again, bakit sila mayayaman? Ang gagaling nilang… kumurot! Tayo ang gagaling nating… dumakot! Sasampolan kita.




May dalawang negosyanteng nagsimula ng kanilang negosyo, isang Pinoy at isang Chinoy. Ang capital nila pareho ay P100,000. Sa unang buwan, si Pinoy, kumita ng P10,000. Ano ang iniisip bilhin? Cellphone. Si Chinoy kumita rin ng P10,000. Ano ang gagawin niya? Idadagdag niya sa puhunan. So magkano na ngayon ang puhunan niya? P110,000! Si Pinoy, P100,000 pa rin,pero may bago siyang cellphone. Ganda!

Ituloy natin. After a few months, maganda ang takbo ng negosyo. Si Pinoy kumita ng P50,000. Ang Pilipinong may P50,000, ano ang balak bilhin? Bibili siya ng Home Theater, DVD, at LCD TV! Si Chinoy, kumita rin ng P50,000. Anong gagawin niya? Idadagdag uli sa puhunan niya. Magkano na ang puhunan niya? P160,000 na! A few months later pa, ang Pinoy kumita ng P150,000! Ang Pilipinong mayroong P150,000, ano ang balak bilhin? Second hand na kotse o pang down payment sa bagong kotse. Ang Chinoy, may P150,000. Anong gagawin niya? Idadagdag sa puhunan! Magkano na ang puhuJ nan niya? Bilis, bilis. Magkano na ang puhunan niya? Pahirap na nang pahirap na ito! P310,000! (150 + 160 = 310!) Ito pa ang problema kaya hindi tayo ya yaman. Marami sa atin ang hindi marunong mag-add! Dapat marunong sa Math, ha!

Ituloy natin ang kwento. Buwan-buwan, si Pinoy kumikita. Dagdag siya ng dagdag ng gamit. Magkano ang puhunan niya? P100,000! Si Chinoy, buwan-buwan kumikita. Ano ang ginagawa niya? Dagdag ng dagdag sa puhunan niya. One day, Chinoy was able to save one million pesos! So ginawa niya, he approached one supplier and said, “Supplier, kung bibili ako sa ‘yo ng worth one million pesos, bibigyan mo ba ako ng discount?” Hulaan mo kung ano ang saJ sabihin ng supplier. “Of course, ang dami mong bibilhin kaya bibigyan kita ng additional 5% discount!”



“Hindi naman yata maganda na sa akin lahat ang 5%! Ang gagawin ko, bibigyan ko ang mga customers ko ng 3% discount at sa akin na lang ‘yung 2%.”

Ibig sabihin, bababa ang presyo ng kanyang mga ibinebentang produkto. It just so happened na magkatabi ang tindahan ni Chinoy at ni Pinoy. Pareho sila ng mga produktong ibinebenta. Given the situation, kanino kayo bibili? Kay Chinoy, because it’s cheaper. Ano ang mangyayari sa negosyo ni Pinoy?

Malulugi na. Kasi mas mahal ang kanyang produkto. Ano ang gagawin nya? Ibebenta niya ‘yung kotseng nabili niya ng P150,000. Sino ang bibili? Syempre, ang maraming pera, si Chinoy. Tatawaran pa ni Chinoy ang kotse ng P80,000. Dahil gipit na si Pinoy, kahit palugi ay ibebenta na rin niya. Si Chinoy ngayon ay nagkaroon ng kotse na murang-mura lang!

After a few months, mauubos din ang P80,000 ni Pinoy. Ano ang susunod na gagawin ni Pinoy? Ang home entertainment niya ay ibebenta na rin. Magkano? P20,000 na lang. Sino ang bibili? Si Chinoy. Darating ang araw na pati ang cellphone ni Pinoy ay ibebenta na niya. Magkano niya ibebenta? P2,000 na lang!

Isang araw, magsasara na ang negosyo ni Pinoy. Ano ang gagawin niya? Malamang, magtatrabaho na lang siya kay Chinoy. Ito ang kwento ng bansang Pilipinas! Naalala mo pa ba noong araw, mas mayayaman ang Pinoy kaysa sa mga Chinese. Bakit nagbago? Ano ba ang problema natin?

 **Dakot kasi tayo ng dakot!** Sila?  **Kurot lang ng kurot!** Mayroon kaming naging participant before na nagsabi, “Sir, hindi naman totoo ‘yan! I know a Chinoy, he drives a BMW. That’s a five Million car! Kurot ba ‘yun?” Malamang Kurot yun! Noong binili niya ‘yun, mayroon na siyang 100 Million na savings! So kurot lang ‘yun! Nandiyan ka pa ba?




Saan ka makakakita ng mga taong isang-kahig isang-tuka? Saan? Sa squaters’ area? Magtigil ka! Gusto mong makakita ng mga taong isang-kahig isang-tuka? Sa Ortigas! Sa Makati! May makikita ka. What do I mean? Kapag hindi ka sumweldo ng isang buwan, mabubuhay ba ang pamilya mo? Kung wala kang credit card, kung mawalan ka ng trabaho ngayon, ilang araw ang aabutin para mabuhay ng matino ang pamilya mo? Kapag nawalan ka ng sweldo, patay ka!

Ang mga Chinoy, kahit hindi muna kumita o magnegosyo, mabubuhay ng maganda. Bakit po? Kasi many years ago, kumahig sila ng kumahig at tumuka lang konti. Kaya marami sa kanila ngayon, tuka na lang ng tuka.

Maraming Pinoy kapag hindi tayo kumahig, wala tayong tutukain. Ito ang masakit — sometimes, kahit matanda na tayo, kahig pa rin tayo ng kahig. Gaano karaming Pilipino ang 60 years old na ay trabaho pa rin ng trabaho? Pwede ba simula ngayon, kumahig ka nang kumahig at iwasan munang tumuka. I-deprive ang sarili ng kaunti.

Ang pinakamasakit sa lahat ay ito — one day, you want to work, but you cannot work. You are old already. Why? Nagpakasasa ka kasi noong bata ka pa. Inubos mo na lahat ng lakas at kalusugan mo sa bisyo.



***Tanong: Masama bang bumili ng mahal?***

Sagot: Hindi! Basta kinukurot lang! Kapag nakakita ka ng kasamahan mong naka-Nike shoes, huwag mong husgahan kaagad iyong tao! Malay mo, kinurot lang niya iyon. At the end of the day, what is happening to other people is not important. What's more important is, what is happening to you. Nagkakaintindihan ba tayo?

# c. 70-20-10 Principle




Pangatlong prinsipyo, apply the 70-20-10 Principle. If you want to be an **Unleasher** , starting today, live within 70 percent of your income. Ano? Matutong mabuhay with 70% ng iyong kinikita. If you are earning P20,000, magkano ang 70% ng P20,000? Kapag hindi mo alam ang sagot, hindi ka talaga yayaman. Kailangan marunong kang mag-addition, subtraction, multiplication, at division ha. Napansin mo ba ang mga Chinese? Ang gagaling nila sa Math.

So starting today, magpraktis ng Math! Ang 70% ng P20,000 ay P14,000. So starting today, live with P14,000. Sabi ng isang participant namin,

"Sir, malabo 'yan. May malaking problema, Sir! Nang mag-compute ako, 100% ng income ko ay ginamit ko at kulang pa! Eh, paano ako mabubuhay sa 70%?" Huwag kang mag-alala, sa aming librong… **"Kasusweldo pa lang, Ubos na"** tuturuan ka naming magbawas ang iyong expenses by 30%. Ibig sabihin kapag naka-save ka ng 30%, pwede nang mabuhay sa 70%. Tama? Mayroon naman kaming dating participant na ang sabi ay "Sir, kapag nagbawas po kami ng expenses by 30% malamang mabawasan din ang budget namin sa pagkain." Oo nga, mababawasan nga iyon! Sabi naman niya, "Eh, malaking problema po yun. Sir, baka mangayayat naman kami 'pag ginawa namin 'yun."

Alam mo, tiningnan ko sila isa-isa at sinabi ko, ***"Alam ninyo, marami sa inyo ang kailangang mangayayat!"*** Ang kagandahan sa librong ito ay makakatipid ka na, mangangayayat ka pa! Hindi mo na kinakailangan pang mag-gym para mangayayat. Sa gym, may bayad pa. Dito, makakatipid ka na, mangangayayat ka pa.




**70%** of your income should go to your **Revolving Fund.** What is a Revolving Fund? Ito 'yung panggastos mo buwan-buwan.




Your **20%** should go to your **Automatic Savings!** Simula sa araw na ito, kung gusto mong yumaman, at least 20% of your income should go to your savings! Paano gagawin ito? Pagdating ng sweldo mo, i-withdraw mo sa ATM ang 30 percent. Iwanan mo ang 70% at ito ang panggastos mo buwan-buwan! 'Yung 20% ihulog mo sa separate savings account. Huwag pagsamahin ang panggastos buwan-buwan at ang Savings!




Para saan ang 10%? Dito pumapasok ang kanya-kanyang paniniwala. Ang paniniwala namin, we give our **10% (Tithe)** or more to God. That's what we

believe, pero kung hindi ka naniniwala, hindi ka namin pipilitin. Dahil ang paniniwala namin sa buhay, “Walang pilitan!”

In one of our seminars, one participant asked me, “Why are you giving the 10% of your earnings to God?” This is my answer. **First, because we are commanded by God to do it.** We give our 10% to God dahil mahal namin at gusto naming sundin ang Diyos.



***“Bring the whole tithe into the storehouse that there may be food in my house. Test me in this, ‘says the LORD Almighty’ and see if I will not throw open the floodgates of heaven and pour out so much blessing that there will not be room enough to store it.” - Malachi 3:10***

**Second, we invest our money wisely.** Ipakikita namin sa iyo kung ano ang mangyayari kapag nag-invest ka. Iyong 20% mo, kapag inilagay mo sa bangko, magkano ang interest o ROI ng pera mo? 1%, 2%, malaki o maliit? Maliit! Kami, kapag inilagay namin ang pera namin sa Diyos, magkano ang ROI? Ang pangako sa amin ng Diyos? One hundred fold. What is one hundred fold? That is more than 100%. Kung matalino ka, saan ka mag-i-invest?

Nakakita ka na ba ng bangkong nagsara? Yes! Nakakita ka na ba ng Diyos na nagsara? Wala! Ibig sabihin, our investment is secured forever with God! So if you want to be financially successful, set aside 20% to savings. But if you want to be very, very, very rich, set aside 10% or more to God! Pero… walang pilitan! Remember, God loves a cheerful giver.



***“Each of you should give what you have decided in your heart to give, not reluctantly or under compulsion, for God loves a cheerful giver.” - 2 Corinthians 9:7***

# Steps in Budgeting



## a. Write the month and the year.

Go to **Unleash Budgeting Form** on page 86 , and write the **Month** . You always budget for the next month. (Please see example of **Unleash Budgeting Form** for step “a” on 86.) **(You can download “Unleash Budgeting Form” at www.unleashinternational.com )**



## b. Write your projected income for the next month.

Write your **“Projected Income”** and add all income in the **“Total Projected Income”** in your **Unleash Budgeting Form** in page 86 . (Please see example of **Unleash Budgeting Form** for step “b” on 86 .)



## c. Write your projected expenses next month.

Write your **“Projected Expenses”** and add all expenses in the **“Total Projected Expenses”** in your Unleash Budgeting Form in page 86 . (Please see example of **Unleash Budgeting Form** for step “c” on 86 .) Ang mahalaga ay itama mo ang iyong mga amount. Then, subtract the **Total Projected Expenses sa Total Projected Income** and write the amount in the **Projected Total Balance** .

**UNLEASH Budgeting Form** (Blank Form) Month:

| Beginning Balance | 0 | Beginning Balance | 0 | Projected-Actual |
|---|---|---|---|---|
| **Projected Income** | **Amount** | **Actual Income** | **Amount** | **Amount** |
| 1. 15th Family Income | | 1. 15th Family Income | | |
| 2. 30th Family Income | | 2. 30th Family Income | | |
| 3. Others:Commission | | 3. Others:Commission | | |
| 4. Others | | 4. Others | | |
| 5. Others | | 5. Others | | |
| 6. Others | | 6. Others | | |
| 7. Others | | 7. Others | | |
| **Total Projected Income** | 0 | **Total Actual Income** | 0 | 0 |
| **Projected Expenses** | **Amount** | **Actual Expenses** | **Amount** | **Amount** |
| 1.Donation/Tithes | | 1.Donation/Tithes | | |
| 2.Savings/Investments | | 2.Savings/Investments | | |
| 3.Pension | | 3.Pension | | |
| 4.Tax | | 4.Tax | | |
| 5.Pagibig | | 5.Pagibig | | |
| 6.SSS | | 6.SSS | | |
| 7.Credit Card payments | | 7.Credit Card payments | | |
| 8.Food | | 8.Food | | |
| 9.Baby (Milk,diaper…) | | 9.Baby (Milk,diaper…) | | |
| 10.Toiletries (soap, toothpaste) | | 10.Toiletries (soap, toothpaste) | | |
| 11.Rent/Mortgage | | 11.Rent/Mortgage | | |
| 12.Elec, water, LPG | | 12.Elec, water, LPG | | |
| 13. Cellphone Load | | 13. Cellphone Load | | |
| 14.Cable | | 14.Cable | | |
| 15.Tuition Fee./12 | | 15.Tuition Fee./12 | | |
| 16.School allowance/bus | | 16.School allowance/bus | | |
| 17.Car amortization | | 17.Car amortization | | |
| 18.Gas/repair/replacement | | 18.Gas/repair/replacement | | |
| 19.Medicine | | 19.Medicine | | |
| 20.Cigarettes/Liquor | | 20.Cigarettes/Liquor | | |
| 21 | | 21 | | |
| 22 | | 22 | | |
| 23 | | 23 | | |
| 24 | | 24 | | |
| 25 | | 25 | | |
| 26 | | 26 | | |
| 27 | | 27 | | |
| 28 | | 28 | | |
| 29 | | 29 | | |
| 30 | | 30 | | |
| **Total Projected Expenses** | 0 | **Total Actual Expenses** | 0 | 0 |
| **Projected Balance** | 0 | **Actual Balance** | 0 | 0 |

**UNLEASH Budgeting Form** (Example, Step a, b,& c) Month: Jan

| Beginning Balance | 0 | Beginning Balance | 0 | Projected-Actual |
|---|---|---|---|---|
| **Projected Income** | **Amount** | **Actual Income** | **Amount** | **Amount** |
| 1. 15th Family Income | 15,000 | 1. 15th Family Income | | |
| 2. 30th Family Income | 15,000 | 2. 30th Family Income | | |
| 3. Others:Commission | 6,000 | 3. Others:Commission | | |
| 4. Others | | 4. Others | | |
| 5. Others | | 5. Others | | |
| 6. Others | | 6. Others | | |
| 7. Others | | 7. Others | | |
| **Total Projected Income** | **36,000** | **Total Actual Income** | 0 | 0 |
| **Projected Expenses** | **Amount** | **Actual Expenses** | **Amount** | **Amount** |
| 1.Donation/Tithes | 3,500 | 1.Donation/Tithes | | |
| 2.Savings/Investments | 7,000 | 2.Savings/Investments | | |
| 3.Pension | 1,000 | 3.Pension | | |
| 4.Tax | 2,000 | 4.Tax | | |
| 5.Pagibig | 300 | 5.Pagibig | | |
| 6.SSS | 400 | 6.SSS | | |
| 7.Credit Card payments | 1,500 | 7.Credit Card payments | | |
| 8.Food | 4,000 | 8.Food | | |
| 9.Baby (Milk,diaper…) | 2,000 | 9.Baby (Milk,diaper…) | | |
| 10.Toiletries (soap, toothpaste) | 1,000 | 10.Toiletries (soap, toothpaste) | | |
| 11.Rent/Mortgage | 5,000 | 11.Rent/Mortgage | | |
| 12.Elec, water, LPG | 2,000 | 12.Elec, water, LPG | | |
| 13. Cellphone Load | 500 | 13. Cellphone Load | | |
| 14.Cable | 500 | 14.Cable | | |
| 15.Tuition Fee./12 | 1,500 | 15.Tuition Fee./12 | | |
| 16.School allowance/bus | 2,000 | 16.School allowance/bus | | |
| 17.Car amortization | 0 | 17.Car amortization | | |
| 18.Gas/repair/replacement | 2,000 | 18.Gas/repair/replacement | | |
| 19.Medicine | 500 | 19.Medicine | | |
| 20.Cigarettes/Liquor | 500 | 20.Cigarettes/Liquor | | |
| 21 | | 21 | | |
| 22 | | 22 | | |
| 23 | | 23 | | |
| 24 | | 24 | | |
| 25 | | 25 | | |
| 26 | | 26 | | |
| 27 | | 27 | | |
| 28 | | 28 | | |
| 29 | | 29 | | |
| 30 | | 30 | | |
| **Total Projected Expenses** | **37,200** | **Total Actual Expenses** | 0 | 0 |
| **Projected Balance** | **-1,200** | **Actual Balance** | 0 | 0 |



# d. Compute for the Projected Balance.

If the **Projected Balance is positive** , revise your budget by adding all excess money to your savings to have a balanced budget. For the budget to be ok, the **Total Projected Balance** should amount to “0”.

If the **Projected Balance is negative** , revise your budget by any of the following options:

A. Increase income para mapunuan ang kulang sa income. Humanap ng paraan para madagdagan ang kita next month.

B. Mangutang para mapunuan ang kulang sa income.

C. Bawasan ang iyong mga expenses. Isa-isahin ang mga expenses at alamin alin sa mga ito ang pwede pang bawasan o tanggalin.

D. All of the above, gawin lahat from A to C.



***Tanong: Alin sa A,B,C at D ang pinakamagandang gawin?***

Tama ka, letter C. Bawasan ang iyong mga pinagkakagastusan. Item by item, hanggang mag-balance ang Income at Expense. Sa example sa page 86 , ang projected negative balance ay P1,200. Ibig sabihin magbabawas tayo ng gastos hanggang P1,200.

Isa sa pinakamadaling bawasan na gastos ay ang food expenses, promise. (refer to item #8 on page 89 )

**UNLEASH Budgeting Form** (Example, Step d & e) Month: Jan

| Beginning Balance | 0 | Beginning Balance | 0 | Projected-Actual |
|---|---|---|---|---|
| **Projected Income** | **Amount** | **Actual Income** | **Amount** | **Amount** |
| 1. 15th Family Income | 15,000 | 1. 15th Family Income | | |
| 2. 30th Family Income | 15,000 | 2. 30th Family Income | | |
| 3. Others:Commission | 6,000 | 3. Others:Commission | | |
| 4. Others | | 4. Others | | |
| 5. Others | | 5. Others | | |
| 6. Others | | 6. Others | | |
| 7. Others | | 7. Others | | |
| **Total Projected Income** | **36,000** | **Total Actual Income** | 0 | 0 |
| **Projected Expenses** | **Amount** | **Actual Expenses** | **Amount** | **Amount** |
| 1.Donation/Tithes | 3,500 | 1.Donation/Tithes | | |
| 2.Savings/Investments | 7,000 | 2.Savings/Investments | | |
| 3.Pension | 1,000 | 3.Pension | | |
| 4.Tax | 2,000 | 4.Tax | | |
| 5.Pagibig | 300 | 5.Pagibig | | |
| 6.SSS | 400 | 6.SSS | | |
| 7.Credit Card payments | 1,500 | 7.Credit Card payments | | |
| **8.Food** | **3,500** | 8.Food | | |
| 9.Baby (Milk,diaper…) | 2,000 | 9.Baby (Milk,diaper…) | | |
| 10.Toiletries (soap, toothpaste) | 1,000 | 10.Toiletries (soap, toothpaste) | | |
| 11.Rent/Mortgage | 5,000 | 11.Rent/Mortgage | | |
| **12.Elec, water, LPG** | **1,900** | 12.Elec, water, LPG | | |
| **13. Cellphone Load** | **400** | 13. Cellphone Load | | |
| 14.Cable | 500 | 14.Cable | | |
| 15.Tuition Fee./12 | 1,500 | 15.Tuition Fee./12 | | |
| 16.School allowance/bus | 2,000 | 16.School allowance/bus | | |
| 17.Car amortization | 0 | 17.Car amortization | | |
| 18.Gas/repair/replacement | 2,000 | 18.Gas/repair/replacement | | |
| 19.Medicine | 500 | 19.Medicine | | |
| **20.Cigarettes/Liquor** | **0** | 20.Cigarettes/Liquor | | |
| 21 | | 21 | | |
| 22 | | 22 | | |
| 23 | | 23 | | |
| 24 | | 24 | | |
| 25 | | 25 | | |
| 26 | | 26 | | |
| 27 | | 27 | | |
| 28 | | 28 | | |
| 29 | | 29 | | |
| 30 | | 30 | | |
| **Total Projected Expenses** | **36,000** | **Total Actual Expenses** | 0 | 0 |
| **Projected Balance** | 0 | **Actual Balance** | 0 | 0 |

Dati ang budget sa food P4,000, so next month P3,500 na lang kasi kapos sa budget. Dati kapag kakain dapat balanced diet. May ulam na gulay at may ulam na karne. So this time para makatipid, may mga araw na pinagsasama na. Anong iniluluto? Adobong sitaw! May karne pa rin iyon, maliliit na nga lang! Nakatipid ka na, naging healthy ka pa. P500 savings na 'yun, (P1,200-P500=P700 na lang).

Electricity, Water, LPG (item #12) P2,000 ang budget, P1,900 na lang, bawas gamit ilaw, panood ng TV, gamit ng plantsa at iba pa. P100 savings 'yun, (P1,200-P500- P100=P600 na lang).

Cellphone Load (item#13) P500 ang budget, P400 na lang, bawas text,

Cellphone Load (item#13) P500 ang budget, P400 na lang, bawas text, bawas tawag. P100 savings din 'yun, (P1,200-P500-P100-P100=P500 na lang).

Bisyo (item #20) P500 ang budget, P0 na lang, wala na munang alak at sigarilyo next month. P500 savings 'yun, (P1,200-P500-P100-P100-P500=0, balance ka na).



***Iyong dating Total Projected Expenses sa page 87 na P37,200 ngayon ay magiging P36,000 na lang dahil sa mga binawas na gastos. Gawin mo rin ito sa iyong personal na Budgeting Form sa page 89 .***



# e. Compute for the new balance.

**Ngayon balanced na ang budget mo.** Sabi ng isa naming participant, "Paano ako yayaman, eh break even lang ako." Tingnan mo uli ang ating example. Mayroon kang P3,500 na investment sa langit at P7,000 na investment sa lupa. Paano nangyari iyon? Ito ang paliwanag. Kasi noong kinapos ang budget mo, ang binawasan mo ay ang mga ginagastos mo buwan-buwan at hindi mo ginalaw ang iyong investment sa langit at investment sa lupa.

Dati, kaya hindi ka nakakapag-save, 'pag kinapos ka ang una mong tinatanggal ay ang kay Lord. Dahil ang paniniwala mo, maiintidihan ka naman ni Lord. 'Pag kulang pa, pati savings sa lupa kinukuha mo na rin. Siguro kaya hindi tayo pinagpapala ng Diyos. Panay barya lang ang binibigay natin sa Kanya, kung minsan, wala pa nga!

Alam mo ba na 'pag binitawan natin kung ano ang nasa kamay natin ay bibitawan din ng Diyos ang nasa kamay Niya? Ito ang maganda! Mas malaki ang kamay ng Diyos kaysa sa kamay natin!

Tandaan mo ito, 'pag walang itinanim-walang aanihin. 'pag kaunti ang itinanim-kaunti ang aanihin. 'Pag maraming itinanim-marami ang aanihin. Alam

itinanim-kaunti ang aanihin. ‘Pag maraming itinanim-marami ang aanihin. Alam mo bang napatunayan namin ‘yan? Nagbigay kami ng hindi normal na buto. Ang ibig sabihin, higit ito sa tithes! Grabe! Sobra-sobra ang balik! Kaya, kung gusto mo ng maraming pagpapala, magtanim ka ng maraming buto. Bakit hindi mo ito subukan?



***“Do not be deceived, God cannot be mocked. A man reaps what he sows.”***
***- Galatians 6:7***

# 6. Use your money wisely




Ang isa sa pinakamadaling paraan para gumanda at umayos ang iyong kaperahan ay gamitin ng tama ang iyong pera. Huwag gagastusin ang pera sa mga bagay na pwede namang hindi bilhin. Huwag mo itong kalilimutan…



## “Money SAVED is Money EARNED.”

Kung minsan hanap tayo nang hanap kung paano madadagdagan ang ating kita, pero gastos naman tayo ng gastos ng perang kinita na natin. Sa totoo lang, sigurado may binibili kang pwede namang hindi bilhin. Ibig sabihin, kung hindi mo iyon binili, may sobra ka na sana. At dahil binili mo, kinulang ka. At ‘pag kulang, ano ang ginagawa natin. Eh, di mangutang. Ok sana kung utang lang, may dagdag pa. Ano ang dagdag? INTEREST o TUBO. Ano ngayon ang mangyayari? Dadami ang problema mo sa pera.



***Think about this…***

***Kung hindi ka bumili ng hindi mo dapat bilhin,***

***kakapusin ka ba?***

***Hindi.***

***Mangungutang ka ba?***

***Hindi.***

***Kailangan mo pa bang magbayad ng interest?***

***Hindi na rin.***

***Mamomroblema ka pa ba sa pera?***

***Hindi, hindi, hindi…***

So, ano ang simpleng dapat gawin? Magbawas ng gastos. Sabi ng isa kong participant, "Sir, paano kung sagad na talaga?". OK, pakisagot ang aking mga tanong…



***Nakakapag-yosi ka pa ba?***

***Nakapaglalasing ka pa ba?***

***Nakakapaglotto ka pa ba?***

***Nakakapagmeryenda ka pa ba?***

***Nakakapag-softdrinks ka pa ba?***

***Nakakapag-text ka pa ba?***

Kung sumagot ka ng "Oo" kahit isa sa aking mga tanong, malamang hindi ka pa sagad. Akala mo lang 'yun.

Kung gusto mong matuto ng mga magagandang paraan para mabawasan

Kung gusto mong matuto ng mga magagandang paraan para mabawasan ang iyong gastos, basahin ang librong

# “Kasusweldo pa lang, Ubos na?”

- **Malalaman mo ang mga simple, practical at doable na paraan para pababain ang iyong gastos.**
- **Malalaman mo rin kung paano turuan ang iyong mga anak sa tamang paraan ng paghawak ng pera.**
- **Hindi lang ‘yan, malalaman mo rin kung saan dapat mag-invest ng pera.**
- **May dagdag pa. Malalaman mo rin ang maraming paraan para madagdagan ang iyong kinikita.**

# 7. You must monitor your income and expenses.




Mula sa araw na ito, kung gusto mong yumaman, lahat ng kinikita mo ay isulat mo sa " **Actual Income** " sa iyong Unleash Budgeting Form sa page 86 (Please see example of Unleash Budgeting Form for step no. 7 on page 99 .)

Lahat din ng mga ginagastos mo ay dapat mong isulat sa iyong Itemized Expenses sa page 97 . (See example on page 98 ). Tandaan mo, kahit cheke iyan, pera pa rin iyan. Kahit credit card iyan, pera pa rin iyan. Pagkatapos, pagsama-samahin ang lahat ng magkakaparehong items at ilagay ito sa **"Actual Expenses"** sa iyong Unleash Budgeting Form sa page 86 . (Please see example of Unleash Budgeting Form for step no. 7 on page 99 .)

**(You can download Unleash Itemized Expenses Form at www.unleashinternational.com ).**

## UNLEASH Itemized Expenses Form (Blank)

Month:

| Date | Income | Amount | | Date | Expenses | Amount | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Cash | Others | | | Cash | Cheque | Credit | Others |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | 0 | 0 | | | 0 | 0 | 0 | 0 |
| | Total Income | 0 | | | Total Expenses | 0 | | | |

**UnLeasH Itemized Expenses Form** (Example only) Month: Jan

| Date | Income | Amount | | Date | Expenses | Amount | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Cash | Others | | | Cash | Cheque | Credit | Others |
| 15 | 15th Salary | 15,000 | | 2 | Food | 1,000 | | | |
| 25 | Commission | 15,000 | | 3 | Savings | 3,500 | | | |
| 30 | 30th Salary | 6,000 | | 3 | Electric, water, LPG | 2,000 | | | |
| | | | | 5 | Tithes and Offering | 1,750 | | | |
| | | | | 7 | Cell phone load | 500 | | | |
| | | | | 8 | Cable | 500 | | | |
| | | | | 9 | Food | 1,000 | | | |
| | | | | 10 | Tuition | 1,500 | | | |
| | | | | 11 | Gas/maintenance | | | 1,000 | |
| | | | | 12 | Baby | 2,000 | | | |
| | | | | 15 | Tax | 1,000 | | | |
| | | | | 15 | Rent | | 5,000 | | |
| | | | | 15 | Pension plan | | 1,000 | | |
| | | | | 16 | Food | 1,000 | | | |
| | | | | 17 | Tithes and Offering | 1,750 | | | |
| | | | | 18 | Gas | | | 1,000 | |
| | | | | 18 | Savings | 3,500 | | | |
| | | | | 23 | Food | 1,000 | | | |
| | | | | 24 | Credit card | 1,500 | | | |
| | | | | 30 | Tax | 1,000 | | | |
| | | | | 30 | SSS | 400 | | | |
| | | | | 30 | Pagibig | 300 | | | |
| | | | | 30 | Liquor/Cigarette | 200 | | | |
| | | | | 30 | Medicine | 500 | | | |
| | | | | 30 | School Allowance | 2,000 | | | |
| | | | | 30 | Toiletries | 1,000 | | | |
| | | 36,000 | 0 | | | 28,900 | 6,000 | 2,000 | 0 |
| | Total Income | 36,000 | | | Total Expenses | 36,900 | | | |

**UNLEASH Budgeting Form** (Example, Step 7 & 8) Month: Jan

| Beginning Balance | 0 | Beginning Balance | 0 | Projected-Actual |
|---|---|---|---|---|
| **Projected Income** | **Amount** | **Actual Income** | **Amount** | **Amount** |
| 1. 15th Family Income | 15,000 | 1. 15th Family Income | 15,000 | 0 |
| 2. 30th Family Income | 15,000 | 2. 30th Family Income | 15,000 | 0 |
| 3. Others:Commission | 6,000 | 3. Others:Commission | 6,000 | 0 |
| 4. Others | | 4. Others | | 0 |
| 5. Others | | 5. Others | | 0 |
| 6. Others | | 6. Others | | 0 |
| 7. Others | | 7. Others | | 0 |
| **Total Projected Income** | **36,000** | **Total Actual Income** | **36,000** | **0** |
| **Projected Expenses** | **Amount** | **Actual Expenses** | **Amount** | **Amount** |
| 1.Donation/Tithes | 3,500 | 1.Donation/Tithes | 3,500 | 0 |
| 2.Savings/Investments | 7,000 | 2.Savings/Investments | 7,000 | 0 |
| 3.Pension | 1,000 | 3.Pension | 1,000 | 0 |
| 4.Tax | 2,000 | 4.Tax | 2,000 | 0 |
| 5.Pagibig | 300 | 5.Pagibig | 300 | 0 |
| 6.SSS | 400 | 6.SSS | 400 | 0 |
| 7.Credit Card payments | 1,500 | 7.Credit Card payments | 1,500 | 0 |
| **8.Food** | **3,500** | 8.Food | 4,000 | -500 |
| 9.Baby (Milk,diaper…) | 2,000 | 9.Baby (Milk,diaper…) | 2,000 | 0 |
| 10.Toiletries (soap, toothpaste) | 1,000 | 10.Toiletries (soap, toothpaste) | 1,000 | 0 |
| 11.Rent/Mortgage | 5,000 | 11.Rent/Mortgage | 5,000 | 0 |
| **12.Elec, water, LPG** | **1,900** | 12.Elec, water, LPG | 2,000 | -100 |
| **13. Cellphone Load** | **400** | 13. Cellphone Load | 500 | -100 |
| 14.Cable | 500 | 14.Cable | 500 | 0 |
| 15.Tuition Fee./12 | 1,500 | 15.Tuition Fee./12 | 1,500 | 0 |
| 16.School allowance/bus | 2,000 | 16.School allowance/bus | 2,000 | 0 |
| 17.Car amortization | 0 | 17.Car amortization | 0 | 0 |
| 18.Gas/repair/replacement | 2,000 | 18.Gas/repair/replacement | 2,000 | 0 |
| 19.Medicine | 500 | 19.Medicine | 500 | 0 |
| 20.Cigarettes/Liquor | **0** | 20.Cigarettes/Liquor | 200 | -200 |
| 21 | | 21 | | 0 |
| 22 | | 22 | | 0 |
| 23 | | 23 | | 0 |
| 24 | | 24 | | 0 |
| 25 | | 25 | | 0 |
| 26 | | 26 | | 0 |
| 27 | | 27 | | 0 |
| 28 | | 28 | | 0 |
| 29 | | 29 | | 0 |
| 30 | | 30 | | 0 |
| **Total Projected Expenses** | **36,000** | **Total Actual Expenses** | **36,900** | **-900** |
| **Projected Balance** | **0** | **Actual Balance** | **-900** | **-900** |

# 8. You must evaluate your income and expenses.




Sa iyong **Unleash Budgeting Form** sa page 86 , i-subtract mo ang iyong **Actual Income and Expenses** sa **Projected Income and Expenses** . (Please see example of Unleash Budgeting Form for step no. 8 on page 99 .)

Lahat ng items na may negative ay problem areas. Lahat ng wala o zero, you hit the mark! Lahat ng positive, you over-hit. Ibig sabihin, nakatipid ka. So dito pa lang, kita mo na kung saan ka may problema. Most of us, we know that we have a problem. But we don't know what is our specific problem. Alam lang natin may problema tayo sa pera.

Ikaw, ano ang problema mo? Pera? Saan sa pera? Basta pera? Dito, hindi na. This time, you know exactly what the problem is.



Isa-isahin natin. Sa food (item #8 on page 99 ) ang budget ay P3,500 pero ang nagamit ay P4,000. Bakit? Tingnan mo ang listahan ng food mo. Tingnan mo kung saan mo ginastos. Makakakita ka ng mga pagkain na hindi mo dapat ginastos. Bakit ka sumobra? Kasi nung isang araw, pauwi ka na, pagdaan mo sa kanto ay bumili ka ng barbecue. Hindi ba't papauwi ka na? Bakit kumakain ka pa ng barbecue, eh may pagkain naman sa bahay?

Makikita mo sa listahan iyan (kung nilista mo talaga, makikita mo iyan). Ito ang maganda - ngayon, every time na dadaan ka sa may barbecue stand ay maaalala mo, “Iyan ang dahilan kung bakit over-budget ako. Hindi na ako dadaan sa kanto na 'yan.” You learned your lesson. Ito ang ibig kong sabihin na makikita mo kung saan ka nagkaproblema kasi nga may listahan ka.

Ito ang dahilan kung bakit may accounting department ang lahat ng mga matatagumpay na kumpanya. Napakaimportante ng mga numerong nanggagaling sa accounting. Ito ang mga numerong ginagamit ng mga top executives kung paano patatakbuhin ang kanilang kumpanya.



The same rule applies to our family. The problem is this - wala tayong accounting sa ating buhay eh. Kaya kaibigan, lagyan ng accounting ang iyong buhay.

**Ituloy natin… Sa Electricity, Water, LPG, P1,900** lang ang budget, pero P2,000 ang nagastos. Bakit kaya? Ayun, kaya naman pala, naligo ka na naman. Hindi ba ang bilin ko maliligo ka lang tuwing may pasok para makatipid. Ano pa? Cellphone load, P400 lang ang budget mo pero nagpaload ka ng P500.

Heto pa! Ang sabi mo hindi ka na mag-iinom at maninigarilyo, eh gumastos ka ng P200. Seriously, what is my point? You get to know specifically what the problem areas are. Next month ay babantayan mo na. Kapag binantayan mo, malamang next month, magpa-positive ka na.

When you hit your target ay panalo ka na. Give yourself 3 to 6 months to do this at siguradong maaayos ang kaperahan mo. Kaya lang, dito sumasabit ang maraming tao — ang budgeting, monitoring at ang pagsusulat. Please do not allow this to hinder you from being rich someday.

# 9. You must be committed to your plan daily.




By this time, marami ka nang natutunan patungkol sa paghawak ng pera. Ang tanong, sa dami ng natutunan mo sa librong ito, magamit mo kaya ang mga ito sa buhay mo? At kung mayroon ka mang isang kailangan para ito ay maisakatuparan, 'yun ay ang salitang commitment. You must be committed to your plans daily.

Anong ibig kong sabihin? Dapat seseryosohin mo ito. Kapag hindi mo ito sineryoso, sayang lang ang pagbabasa mo ng librong ito. Dadaan ang isang taon, baon ka pa rin sa utang o may problema ka pa rin sa pera. Para hindi mangyari iyan, tuturuan ka namin. At kung mayroon kang isang kailangang matutunan, ito ay ang pagpipigil sa sarili.

Pagpunta mo sa mall ay makakakita ka ng bagong bag, bagong t-shirt, ano ang gagawin mo? Kailangan mong magpigil. 'Pag pupunta ka naman sa grocery at may nakita kang kung anu-anong pagkain, anong gagawin mo? Magpigil. Kapag nakakita ka ng Doritos, magpigil. 'Pag nakakita ng Chips Ahoy', 'pag nakakita ng Starbucks Coffee… Magpigil! So ang kailangan mo para yumaman ay ang pagpipigil sa sarili. Ang ituturo namin sa iyo ay kung paano magpigil sa sarili. Mula sa araw na ito, tandaan mo:



# The key to your financial success is in your daily routine.

Ang sikreto sa pagpapaganda ng buhay ay ang mga ginagawa mo sa araw-araw. Ang araw-araw na pangit na ginagawa ay magpo-produce ng pangit na resulta. Ang araw-araw na magandang ginagawa ay magpo-produce ng magandang resulta. Paano po ba magpigil sa sarili? Simple lang.

Simula sa araw na ito, 'pag bibili ka ay maaalala mo na ako. Promise! Ang pangalan ng technique na ito ay **Vic Garcia Self-Control Technique** . O,' di ba? 'Pag nakalimutan mo pa naman ako, ewan ko na lang! Pero for sure, hindi mo ako malilimutan dahil mula sa araw na ito, ako na ang iyong magiging konsensya.

# Vic Garcia Self-Control Technique



Para magkaroon ng self-control o pagpipigil sa sarili, mula sa araw na ito, 'pag may bibilhin, kailangang gamitin mo ang **Vic Garcia Self-Control Technique.** Every time may bibilhin ka, magtatanong ka muna ng apat na tanong. For example nasa mall ka at may nakita kang magandang t-shirt, bibilhin mo na ba? Hindi pa, kasi magtatanong ka muna ng apat na tanong.





***Unang tanong: "Gusto mo ba yan?"*** Sagot: "Oo, gustung-gusto ko." Bibilin mo na ba? Hindi pa. Bakit? Isang tanong pa lang. Dati, bibilhin mo na iyon. Wala ka pa kasing self-control o pagpipigil sa sarili.



***Pangalawang tanong: "Kailangan mo ba iyan?"*** Sagot: "No!" Bibilhin mo pa ba? Hindi na! Kasi hindi mo nga kailangan. Ano ang dapat mong gawin? Iwanan mo na, dahil mula sa araw na ito kapag hindi kailangan, bawal bilhin. Ang problema, gaano karaming bagay ang meron ka pero hindi mo naman kailangan? Marami. Ay mali! Maraming-marami.

Na-experience mo na ba ito? May binili ka na ba sa mall at pagdating mo sa bahay at binuksan mo na ang binili mo, sinabi mo sa sarili, **"Bakit ko nga ba binili ito?"** Narealize mo na dapat ay hindi mo ito binili dahil hindi mo naman kailangan? Kaya lang, nag impulse-buying ka. Kasi tumigil ka sa isang tanong lang. Hindi mo ginamit ang Vic Garcia Technique. Ngayon, ano ang gagawin mo? Pwede pa bang itama ang mali? Pwede! Paano? Ibenta mo, kung may bibili. Maibebenta mo ba ng same price? 'Pag hindi, lugi ka. Pwedeng isauli o papalitan. Kaya lang, hassle. Eh ano naman ang ipapalit ? Eh, di yung mga kailangan mo? Toothpaste, sabon o shampoo.

Kapag bumili ka sa SM ng sapatos at naisip mo na mali ang decision mo, eh di isauli mo. Pwede mong papalitan ng toothpaste, sabon at shampoo o mga bagay na kailangan mo talaga. Pero abala pa rin iyan. Kaya sa susunod, siguraduhin mong tama ang binibili mo. Para makasiguro, magtanong ka muna ng apat na tanong. Eh paano kung gusto mo na, kailangan mo pa, bibilhin mo na ba? Hindi pa rin, dahil dalawang tanong pa lang.



***Pangatlong tanong: “Kaya mo ba iyan?”*** Anong kaya? May pambili ka ba? O, uutangin mo lang? Kung uutangin mo lang, bawal bilhin dahil mula sa araw na ito, ***“Bawal ang mangutang.”*** Sa tatlong tanong pa lang, I’m sure na malaki na ang matitipid mo. ““Paano kung gusto ko na, kailangan ko pa at kaya ko pa, bibilhin ko na pa rin. Bakit? Kasi may pang-apat na tanong pa.

Hindi ko malilimutan ang kwento ng isang taong naka-attend ng seminar namin a few years ago. Isa siyang mayaman at magandang babae. May asawa siyang mayaman at magandang lalaki. Si lalaki ay laging lumalabas sa TV; isa siyang celebrity.

Ito ang nangyari. A few month maka-attend si asawang babae ng aming seminar nagkita kami at ang sabi niya, ***“Alam mo Vic, ang isa sa pinakamalaking kasalanan na ginawa ko sa buhay ko ay nang umattend ako ng seminar mo.”*** *Sabi* ko, “Bakit naman po?” Kasi nagulo ang buhay ko. Sabi ko, “Bakit naman po? Ano po ba ang nangyari?” Sabi ng mayamang magandang babae, after the seminar ay nagkaroon ng business trip ang asawa niya sa Hong Kong. Every business trip ni mister ay kasama si misis. Pagdating ng Hong Kong…

Mister: “Pupunta lang ako sa meeting, you know what to do.” Ano sa tingin mo ang gagawin ni misis? Syempre, shopping! So umalis na si mister. Si misis naman ay nag-shopping. Pumunta siya sa different malls at boutiques. Tuwang-tuwa si misis nang may nakita siyang isang bag.

“Ang ganda-ganda naman ng pink bag na ito!” sabi ni misis. Habang tinitingnan niya ang pink bag, hindi niya napansin na katabi na pala niya ang cashier. Hindi raw niya alam kung paano siya nakarating sa cashier. Sabi niya, “Siguro, dinala ako ng aking mga paa.” At dahil nasa cashier na siya, ang sabi niya sa sarili, “Babayaran ko na ang pink bag na ito.”




Nang iaabot na niya ang bag sa cashier ay may narinig siyang boses. **“Gusto mo ba ‘yan?”** Sabi niya, “Parang mayroon akong narinig. Parang may bumubulong sa akin.

Eh, wala naman akong katabi! Siguro, guni-guni ko lang iyon.”



So, iniabot niya uli ang bag at may narinig na naman siyang boses, ***“Kailangan mo ba ‘yan?”*** Ang sabi niya, “Para talagang may nagsasalita. Pero wala naman akong katabi?”



For the third time, iniabot niya ulit ang bag sa cashier at may narinig na naman siyang boses, ***“Kaya mo ba ‘yan?”*** Naku! Sabi ni misis, ***“Si Vic Garcia iyon!”*** Kasi sabi ni Vic Garcia, pag graduate na ng Unleash seminar, kapag may bibilhin sila, maririninig na nila ang boses ni Vic Garcia, at magtanong na sila ng apat na tanong. “Totoo nga, maririnig mo ang boses ni Vic Garcia hanggang sa Hong Kong!”

Sabi niya sa cashier, “For a while.” Pumunta siya sa isang sulok at nagtanong ng apat na tanong? Sabi ni Vic Garcia, ‘pag may bibilhin ay kailangang magtanong ng apat na tanong. Unang tanong: ***“Gusto ko ba ito”?*** Sagot: “Oo, gustong-gusto ko.”

Pangalawang tanong: ***“Kailangan ko ba ito?”*** Sagot: “Oo, kailangang-kailangan ko kasi wala pa akong pink bag. Mayroon na akong black, white, green, blue… Mayroon na lahat pero wala pa akong pink.” Ang galing mag-justify ni misis, ‘di ba?

Pangatlong tanong: ***“Kaya ko ba ito?”*** Hulaan mo kung ano ang sagot? Ang sagot: “Kayang-kaya! May budget ako, binigyan ako ni mister.” Pagdating ng gabi, nang umuwi na si mister sa hotel, nakita niya si misis na malungkot na malungkot. Laking pagtataka niya dahil normally ‘pag nagsashopping si misis, pagod siya pero masaya. Ngayon pagod na siya at malungkot pa.

Mister : “Honey, is there any problem?”

Misis : “Meron!”

Mister : “Ano ang problema?”

Misis : “Galit ako sa Vic Garcia na iyan!”

Mister : “Bakit? Nagkita ba kayo ni Vic dito sa Hong Kong?”

Misis : “Hindi, nagkausap lang kami.” ( *Litung-lito na si mister sa sagot ni misis* .) “Ito ang nangyari honey, kanina may nakita akong pink bag na gustung-gusto ko.”

Mister : “Eh, nasaan na ang bag?”

Misis : “Hindi ko binili.”

Mister : “Bakit hindi mo binili?”

Misis : “Kasi, nakausap ko si Vic Garcia. Sabi niya, ‘pag may bibilhin ako, magtanong muna ako ng apat na tanong.”

Mister : “Eh, ano ba ang apat na tanong na ‘yun?”

Misis : Unang tanong: ***“Gusto ko ba?”*** Sagot: Oo,

Pangalawang tanong: ***“Kailangan ko ba?”*** Sagot: Oo,

Pangatlong tanong: ***“Kaya ko ba?”*** Sagot: Oo,

Mister : “Eh, ‘yun naman pala. Bakit hindi mo binili?”

Misis : “May pang-apat na tanong pa. Hindi ko nasagot ng oo, kaya hindi ko binili.”


Mister : “Eh, ano ba ang pang-apat na tanong na ‘yan?”

Para mas maganda, kumanta muna tayo...

*the moment I wake up, before I put on my makeup I say a little prayer for you… While combing my hair now, wond’ring what dress to wear now I say a little prayer for you*

Siguro lito ka na. Ano ang koneksyon ng kantang ito sa pink bag? Aralin natin ang lyrics ng kanta. Sabi ng kanta,

*“the moment I wake up, before I put on my makeup, I say a little prayer for you. While combing my hair now, wond’ring what dress to wear now, I say a little prayer for you.”*



Buti pa siya bago gumawa ng anumang bagay magpe-pray muna. Ikaw, kailan ka nag-pray bago bumili ng isang bagay? Sabi ni mister, “Eh, ano ba talaga ang pang-apat na tanong?” Sabi ni misis, ***“Kagustuhan ba ng Diyos”*** bilhin iyan pink bag na ‘yan? Hindi ko nasagot ng “Oo,” kaya hindi ko binili.



***Tanong: Kagustuhan ba ng Diyos na mabaon tayo sa utang?***

Ikukuwento ko lang kung paano ko nabuo ang **Vic Garcia Self-Control Technique** o “Apat na Tanong.” ‘Di ba sabi ko, baon kami sa utang noong nagsisimula pa lang kaming mag-asawa? One day, nag-away kami ni misis patungkol sa pera. Sa tindi ng away namin, pagod na pagod ako. Out of frustration, I said a little prayer, ***“Lord, bakit ba nagkakaganito ang aming buhay”?*** Habang nagpe-pray ako, I realized na hindi kagustuhan ni Lord ang nangyayari sa amin.



***“For I know the plans I have for you,” declares the LORD, “ <u>plans to prosper you</u> and <u>not to harm you</u> , plans to give you hope and a future. Then you will call upon me and come and pray to me, and I will listen to you. You will seek me and find me when you seek me with all your heart.”Jer 29:11-13***

Sige Lord, kung hindi mo kagustuhan, pwede ba Lord na tulungan mo akong makaalis sa problemang ito? I know God answered my prayers that day. He made me realize my faults. **I realized our financial problem is the result of my “SELFISHNESS”.** Siguro, tanong mo, ano ang relasyon ng problema sa pera sa selfishness?

During that time, I realized na ‘pag bumibili ako, ang iniintindi ko lang ay kung ano ang gusto ko o kung ano ang magpapasaya sa akin. Kung ano ang

ay kung ano ang gusto ko o kung ano ang magpapasaya sa akin. Kung ano ang maganda sa akin at kung ano masarap sa akin. Hindi ko tinatanong si Lord kung ano ba ang gusto Niya. Normally, lalapit lang ako sa kanya 'pag malaki na ang aking problema. Again, maging sa paglapit ko kay Lord, selfish pa rin ako dahil sarili ko lang ang iniintindi ko. That day, itinuro sa akin ni Lord…



***"Trust in the LORD with all your heart and lean not on your own understanding; in all your ways submit to Him, and he will make your paths straight." -Proverbs 3:5-6***

Magtiwala raw ako sa Kanya sa lahat ng bagay. Ibig sabihin, pati ang pink bag. Ang pangako Niya, gagabayan Niya ako sa lahat ng bagay. Alam mo ba na halos araw-araw ay kasama sa panalangin natin ang kalooban ng Diyos? His will 'be done' in our lives. Ang problema, hindi natin magagawa ang kalooban ng Diyos dahil hindi natin alam ang kanyang kalooban. Paano natin malalaman kung hindi naman natin tinatanong?

Kaya mula sa araw na ito, isama ang Diyos sa bawat bahagi ng ating buhay. Kalooban ba ng Diyos na bumili tayo ng pink bag? Kalooban ba ng Diyos ang bagong cellphone, bagong sapatos, bagong damit, at iba pa? Bago ka naginvest sa pyramid business, nagtanong ka ba sa Diyos? Kung nagtanong ka lang, malamang ay hindi ka naloko.

Kaya simula nang araw na iyon, kapag may bibilhin ako, nagtatanong muna ako ng apat na tanong. Here's what happened. Marami na akong hindi nabili. Ito ang mas masaya — ang asawa ko, isang araw gumising at balisang-balisa sa dami ng problema sa pera. Ang tanong ko sa kanya, "Bakit ka ganyan?" Ang sagot niya, "Hindi ako nakatulog kagabi kasi hindi ko alam kung ano ang gagawin natin sa ating buhay." Ang sabi ko sa kanya, "Handa ka bang gawin ang lahat para makaalis tayo sa ating problema?" Ito ang maganda kapag marami kayong problema, ang asawa mo ay Oo lang nang Oo.

Ang kasunduan naming mag-asawa, mula sa araw na 'yun, 'pag may bibilhin ay magtatanong muna kami ng apat na tanong. Ano 'yun - Gusto mo ba? Kailangan mo ba? Kaya mo ba? Kagustuhan ba ni Lord? Dapat "Yes"lahat ang sagot. Simula noong araw na iyon, sa lahat ng binibili niya ay nagtatanong muna siya ng apat na tanong.



Isang araw ay lumapit siya sa akin at nagtanong, “Honey, pwede ko bang bilhin ito?” Hulaan mo kung ano‘ng sagot ko? Ang sabi ko, ***“Nagtanong ka na ba ng apat na tanong?”*** Hindi niya binili. Bakit? Kasi hindi nya masagot ng “Yes”apat na tanong.

Tinuro din namin sa aming mga anak ang apat na tanong kaya kapag may bibilhin sila ay tinatanong ko sila kung nagtanong na sila ng apat na tanong. Mula noon, unti-unti na kaming nakapag- save ng pera. Unti-unti na rin naming nabayaran ang lahat ng aming mga pagkakautang. Ang lahat ng ito ay dahil isinama namin ang Diyos sa lahat ng bahagi ng aming buhay, lalung-lalo sa kaperahan.

Kaya tandaan mo, sa susunod na may bibilhin ka, magtanong ng apat na tanong. Kung sakaling makalimutan mo, huwag kang mag-alala, dahil mula sa araw na ito, ako na ang iyong magiging konsensiya.

**Mula sa araw na ito pag may bibilhin ka, maririnig mo na ang boses ni Vic Garcia. Hahaha!**



# 10. You must seek first the kingdom of God and His righteousness and all of these things will be added unto you.




Ang pangako ng Diyos ay kung uunahin lamang natin Siya sa ating buhay, lahat ng bagay idadagdag Niya sa atin. Ano ang ibig sabihin nito? Ang lahat daw po ng bagay ay idadagdag sa atin. Naaalala ko noong 10 th year wedding anniversary namin, lumapit sa akin ang asawa ko.



By that time ay wala na kaming utang at mayroon na kaming savings at investments. Sabi sa akin ni misis, "Honey, 10 th year anniversary na natin sa June. Pwede bang humiling?" Ang Sagot ko, "Ok, ano ang hiling mo?" Sagot ni misis, "Pwede ba tayong mag celebrate ng 10 th year anniversary out of the country, kahit Hong Kong lang?" Hulaan mo kung ano ang sagot ko sa asawa ko? ***"Nagtanong ka na ba ng apat na tanong?"*** Sabi niya, "Hindi pa." Ang sabi ko, "Sige magtanong ka muna."

A few days later, kinausap ko si misis. Ang sabi ko "Bibili na ba tayo ng ticket for Hong Kong?" Ang sagot niya, "Hindi, kasi hindi ko nasagot ng 'Oo'ang apat na tanong." Damang-dama ko ang lungkot ng aking asawa. But because she prayed, alam n'ya na may mas magandang plano ang Diyos.

Ito ang nangyari… A few weeks before our 10 th year anniversary, may tumawag sa amin na isang mayamang, magandang babae. ( **Siya ‘yung hindi nakabili ng pink bag sa Hong Kong dahil hindi nasagot ang apat na tanong** ). Tumawag siya kay misis. Kliyente namin ang kanilang kumpanya. Ang sabi niya, “Avelynn (pangalan ng asawa ko), do you have seminars on these dates (gave the dates)?” My wife answered, “Ay, wala po.” Then she responded, “Pwede ba, huwag ka nang mag-book sa mga dates na ‘yan.” To which my wife answered, “Okay, sige po.”



A few days later, may dumating na isang envelope sa aming opisina galing sa mayamang, magandang babae. Nang buksan ng asawa ko ang envelope, nakita niya ang dalawang round trip tickets to Hong Kong (business class) at booking sa isang five star hotel. Sabi namin, “Sosyal talaga itong kumpanya na ito. Seminar, sa Hong Kong pa, with matching five star-hotel pa!” Maya- maya nag-ring ‘yung phone. Hulaan mo kung sino ang tumawag? ‘Yung mayamang magandang babae.

| | |
|---|---|
| M-M Babae : | “Natanggap mo na ang ticket at hotel reservation?” |
| Avelynn : | “Opo, natanggap ko po. Bakit naman po seminar lang sa Hong Kong pa?” |
| M-M Babae : | “Avelynn, hindi para sa seminar ‘yan.” |
| Avelynn : | “Hindi po? E, para saan po ito?” |
| M-M Babae : | “Alam namin na anniversary ninyo. Alam din naming pagod na kayo sa pagta-trabaho. Magbakasyon naman muna kayo” |

Hindi pa tapos magsalita ang mayamang, magandang babae ay umiiyak na ang asawa ko. Hindi pala iyak, hagulgul. Sabi ko, “Bakit?” Sabi niya, “Totoo nga…”



***You must seek first the kingdom of God and His righteousness and all of these things will be added unto you.***

Hindi natuloy ang aming plano na pumunta sa Hong Kong dahil may iba palang plano ang Diyos - mas maganda, mas bongga, at higit sa lahat, libre! Kung kami kasi ang nagplano, sigurado na economy lang at hindi business class. Malamang two or three-star lang ang hotel. Tingnan mo ang plano ng Diyos, business class seats, Five star hotel accommodation pa at again, higit sa lahat ay libre.

Hindi pa natatapos diyan ang ***"all these things will be added unto you."*** Tumawag pa muli 'yung mayamang magandang babae at tinanong pa si misis kung kailangan namin ng pocket money. Sabi ni misis, "Hindi na ho. Sobra-sobra na ang inyong pagpapala."

Sabi ng isang kausap ko, "Baka 'pag inuna ko ang Diyos at palagi akong magtatanong ng apat na tanong ay baka wala na akong mabili at baka lumungkot na ang buhay ko." Eto ang paniniwala ko at pagkakakilala ko sa Diyos. Ang ating Diyos ay hindi kill joy. May magandang plano ang ating Diyos sa buhay natin, pangako mas maganda pa sa plano natin. Uulitin ko…



***"For I know the plans I have for you," declares the LORD, " <u>plans to prosper you</u> and <u>not to harm you</u> , plans to give you hope and a future." -Jer 29:11***

Two weeks before our trip to Hong Kong, naisip namin na since libre naman ang punta namin sa Hong Kong, we decided to bless one of our employees na matagal nang nagta-trabaho sa amin. Kinuha namin siya ng ticket para isama sa Hong Kong.

A few days before our trip, dinalaw kami ng isang kaibigan na nakatira sa Hong Kong. Ang sabi niya, "Pupunta pala kayo sa Hong Kong. Sige, sagot ko ang inyong tourist guide. Marami akong kaibigan na pwedeng tumulong sa inyo." Sabi ko, "Aba, pati tourist guide dinagdag ni Lord." Biglang sinabi ng aming kaibigan, "Alam ninyo a few years ago, naka-attend ako ng seminar ninyo at pagkatapos ng seminar, I prayed to God na sana pati mga kaibigan ko sa Hong Kong ay maka-attend din ng seminar ninyo. Siguro ito na ang sagot sa aking panalangin."

Biglang sumagot si misis, “Ano ang ibig mong sabihin, gusto mong mag-seminar kami sa Hong Kong sa araw ng aming anniversary?” Ang sagot ng kaibigan namin, “Parang ganoon na nga.” Sabi pa niya, “Huwag kayong mag-alala. Ako ang bahala sa lahat sa Hong Kong. I’ll take care of the venue. I’ll take care of the people. I will be the one to invite. Magse-seminar na lang kayo.” After asking God’s will, we decided to agree to her proposition.

The day we arrived in Hong Kong, we started the seminar. Grabe ang seminar doon. Nagsisimula kami ng alas-siete ng gabi hangang alas-tres ng madaling araw. Siguro ang tanong mo ay “bakit”? Kasi hindi pwedeng magabsent ang ating mga kababayan sa kanilang trabaho kaya naman night shift ang seminar. Matutulog lang ng kaunti pagkatapos trabaho na ulit. Kami naman ay matutulog din ng kaunti pagkatapos ay pasyal naman. Sa gabi, seminar na naman.



Ilang araw ding 7 pm to 3 am ang aming seminar. Ibinigay namin ang seminar ng walang bayad at tuwangtuwa ang ating mga kababayan doon. Nang matapos ang seminar, nagkaroon kaming mag-asawa ng panahon para mag-shopping. Sa isang mall, lumapit sa akin si misis. Sabi niya, “Honey, libre naman ang ating bakasyon, pwede bang maglambing ng isang branded na bag”. ***Hulaan mo ang sagot ko? Nagtanong ka na ba ng apat na tanong?*** Sabi ni misis, “Hindi pa e. Sige, tanong muna ako.” Ang sabi ko, “Heto ang pera, ‘pag nasagot mo ang apat na tanong, pwede ka nang bumili.”

Iniwan ko siya para makapagtanong at makapag-isip ng mabuti. After 30 minutes, binalikan ko siya. Ang sabi ko, “Nasaan na ang bag?” Ang sabi niya, ”Hindi ko binili.” Ang tanong ko, “Bakit?” “Kasi hindi ko nasagot ng, “Oo” ang lahat ng apat na tanong.” Kitang-kita ko ang frustration ng aking asawa, pero alam ko she trusted God.



Kinabukasan, last day na namin sa Hong Kong at lilipad na kami pauwi ng Pilipinas sa gabi. We were invited by our friend to have lunch at Hong Kong Convention Center. During lunch, one of the ladies who attended the seminar arrived. We asked her, “Bakit ka nandito?” Sabi niya, “Ay sinadya ko talaga ito.

May gusto lang akong ibigay sa inyo." Inabot niya kay misis ang isang paper bag. Nagpaalaman na kami at umuwi muna kami sa hotel.

Pagdating sa hotel, binuksan ni misis ang paper bag na ibinigay sa kaniya at bigla na lamang siyang napaiyak. Ang tanong ko, "Bakit ka umiiyak?" Tsaka ni ya ipinakita sa akin ang laman ng paper bag. Ang laman ng paper bag ay isang branded bag na halos kamukha ng bag na gusto niyang bilhin.

Muling pinatunayan ng Diyos na kapag inuna natin Siya, ***"all these things will be added on to us." Ang trabaho lang natin ay just to "seek first the kingdom of God and His righteousness and all these things will be added on to us".***

# Panalangin ng isang "Unleasher"



Lord, patawarin mo ako sa lahat ng aking pagkakasala lalo na sa maling paghawak ng perang ipinagkatiwala mo sa akin. Simula ngayon, uunahin ko na po kayo sa aking buhay. Nawa'y mai-apply ko araw-araw ang aking natutunan sa librong ito.

Dalangin ko po na ako ay maging isang "Unleasher" upang magkaroon ng buhay na matagumpay, maligaya at makabuluhan. Maging tapat nawa ako sa pagba-budget, pagmo-monitor at pag-e-evaluate ng aking kinikita at ginagastos.

Turuan mo akong malaman ang Iyong kalooban maging sa pagbili ng ano mang bagay. Ugaliing gamitin ang Vic Garcia Self-Control Technique upang mabawasan ang aking gastos.

Salamat sa kaalaman na ang pagbibigay ng tithes at pagtatanim ng marami ay susi sa maraming ani. Maganap nawa ito sa akin. Higit sa lahat, dalangin ko na manaig ang Iyong kagustuhan sa aking buhay. Maraming salamat sa panibagong simula na ibinigay mo sa akin sa araw na ito.

Sa pangalan ni Hesus, Amen.

# Commitment of an Unleasher



I have just read the book

**"Kontento ka na ba sa kaPERAhan mo?"** at mula sa araw na ito, ipinapangako ko na gagawin ang mga sumusunod:

*(Please write your commitments below. You may refer to the examples at the bottom of this page.)*

1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.

________________________

Signature

Signed this ___ day of ________________, 20 ___

*Examples: 1. Hindi na ako mangungutang. 2. Hindi na ako dadakot, kukurot na lang ako. 3. Gagawa ako ng budget buwan-buwan.* ***4. Gagamitin ko ang VFG "apat na tanong" technique, bago ako bumili ng ano mang bagay.*** *5. I will apply 70-20-10 in my life. 6. I will donate money to Operations Blessing or World Vision. 7. I will stop on being a Pretender and star living like an Unleasher. 8. I will save 20% of my income every month. 9. I will cut my credit card. 10. Uunahin ko ang Diyos sa lahat ng bagay sa buhay ko.*

***"What an eye-opener! The principles in this book disturbed, confirmed, rebuked, amused, equipped, encouraged and inspired us to apply positive changes to our current way of doing things. Very much like a long lost mentor to all who need training in financial management."***

**~ Felichi Pangilinan-Buizon**




# What people say about Unleash Your Highest Potential Seminar Series

***"The best among the seminars that I attended! … I've been with Jollibee for more than 34 years."*** **~ Annie Masancay, Vice President-Corporate Audit, Jollibee Foods Corporation**

***"What we've experienced here has been a world-class training program na Pinoy. Now, I want you to realize that more and more, there are world-class things that are Pinoy."*** **~ Paul Varberg, Founder, Bethel International School**

***"In my 18 years in Abbott, and dami ko nang na-attend-an na seminars like this. Ito ang pinakamaganda! And this is the ultimate solution para sa lahat ng Abbott employees."*** **~ Eric Urfano, Finance Accounting Supervisor, Abbott Philippines**

***'Sabi ko nga, alisin mo na lahat ng training. Ito na lang ang a-attend-an ng mga tao. Sooner than later, 100% lahat ng Sumidenians dumaan sa Unleash."*** **~ Tim Batac, Vice President, First Sumiden Circuits, Inc.**

***"Ako talaga, bilib na bilib dito… Ang dami ko nang training na dinaanan, walang papantay dito!"*** **~ Henry Sy, President, Toyota Manila Bay**

***"I think God-sent sila. Ang daming learnings... they are so practical, very easy to apply, hindi ka mahihirapan, hindi kailangang maging magaling para ma-apply mo… Very powerful sila."*** **~ Benny Dizon, VP-Corporate Engineering, Jollibee Foods Corporation**

***“ Truly, truly exceptional course… I think this is the best course I have ever attended in Shell. I wish that I got it earlier.”*** **˜ Raphael Capinpin, Retail District Manager, Pilipinas Shell**

# Vic & Avelynn Garcia



**Vic Garcia** is one of the country's most sought-after motivational speakers. He is the author of Unleash Internationa'l licensed programs, books & publications, Unleash Workbook™ (a productivity tool-organizer), and Unleash Learning System for students. He designs and develops unleashing programs and has conducted hundreds of workshops and seminars for thousands of participants here and abroad. His areas of competence range from life improvement, financial management, leadership, systems and productivity improvement, to team-building and other specialized modules. He has served as a senior consultant to a number of local and multinational companies. He is the President and CEO of Unleash International Corporation, and is happily married to Avelynn Garcia.

**Avelynn Garcia** has been conducting seminars, workshops, conferences and conventions for top local and multinational companies as well as schools/universities. She is the co-author of all of Unleash International's licensed programs as well as books and publications. Her articles are published in newspapers and the CBN Asia website. She was AVP for Human Resources of GMA Network and held other posts in a number of local and multinational companies. She is often invited to various television and radio programs. Her passion for unleashing the best in people motivates her to continue learning and growing. She is the Executive Vice President of Unleash International Corporation and a supportive wife to Vic Garcia.

Vic and Avelynn are blessed with four sons - Gabrielle Joseph, David Joshua, Jeremy Jonathan and Isaiah John.

# We would love to hear from you…

Please let us know how this book helped you in any way.

Kindly share with us your wonderful stories and milestones!

Write us through mail, email or text your testimonies to:

Unleash International Corporation

31 st Floor, Jollibee Plaza, F. Ortigas Jr. Road

Ortigas Center, Pasig City 1605

Tel. Nos. (632) 632-0148, 914-0018, 664-0892

0922-UNLEASH (0922-8653274)

Website: www.unleashinternational.com


Email: unleash@unleashinternational.com

Facebook: www.facebook.com/unleashinternational

Twitter: @unleashmoney @unleashlife @AvelynnGarcia

We also accept invitations for seminars/workshops, conventions and others, depending on our availability.

Other books by Vic & Avelynn Garcia:




Available in

and other leading bookstores nationwide.